



Ika-apat na Bahagi Ang Australia ngayon

Ang Australia ay isa sa mga pinakamatanda at malaking lupa sa mundo.

Ito ang pang-anim na pinakamalaking bansa sa mundo.



Ang Australia ngayon

Sa mga pahinang ito ay inyong mauunawaan kung bakit naging masyadong espesyal ang bansang ito. Malalaman ninyo nang mas higit ang ating kultura, ang ating mga tagapagpabago at ang ating pambansang pagkakakilanlan. Sa mundo ngayon, ang Australia ay isang masiglang kasosyo sa negosyo at pangangalakal at isang iginagalang na mamamayan ng mundo. Pinahahalagahan natin ang kontribusyon ng mga bagong migrante sa patuloy na pag-unlad at pagpabago ng ating bansa.

Ang Lupa

Ang Australia ay kakaiba sa maraming banda. Sa pitong kontinente ng mundo, ang Australia ang nag-iisa lamang na naging okupado ng iisang bansa. Tayo ang may pinakamababang bilang ng populasyon sa mundo, na may dalawa lamang katao bawat kuwadrang kilometro.

Ang Australia ay isa sa mga pinakamatanda at malaking lupa sa mundo. Ito ang pang-anim na pinakamalaking bansa sa mundo. Ito rin ang pinakatuyot na tinitirhang kontinente, kaya't sa halos lahat ng bahagi ng Australia ang tubig ay isang napakamahalagang likas na yaman.

Karamihan sa kaniyang lupa ay di mataba, na may 6 na porsiyento lamang na maaaring tamnan. Ang tuyong lupa sa panloob nito ay tinatawag na ang 'malayong lugar' (outback). Mayroong malaking paggalang sa mga taong naninirahan at nagtatrabaho sa mga lugar na ito na malayo at may marahas na kapaligiran. Marami sa kanila ang naging bahagi ng mga alamat ng Australia.

Dahil ang Australia ay napakalaking bansa, ang klima nito ay nagbabago sa ibat-ibang parte ng kontinente. Mayroong mga rehiyong pangtropiko sa katimugan ng Australia at mga disyerto sa gitna nito.

Sa malayong katimugan, ang mga temperatura ay maaaring magbago mula sa maginaw na taglamig na may kasamang yelo mula sa bundok hanggang sa mga nagbabagang init sa tag-araw.

Dagdag sa anim na estado at dalawang teritoryo sa pangunahing lupain, pinamamahalaan din ng Australia bilang mga teritoryo ang mga isla ng Ashmore at Cartier, mga isla ng Christmas, mga isla ng Cocos (Keeling), isla ng Heard at mga isla ng McDonald sa Teritoryong Antartika ng Australia at ang isla ng Norfolk.

Mga Pamanang Lugar sa Mundo

Mahigit sa 11 na porsiyento ng ating kontinente ay protektadong katutubong lupain, isang reserba o pambansang liwasan na pinamamahalaan para sa pangangalagang naaayon sa mga pamantayang pang-internasyunal. Labingpitong lugar sa Australia ang nakarehistro sa Listahan ng Pamana sa Mundo ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).



Australian Fossil Mammal Sites sa Katimugang Australia at Queensland



Gondwana Rainforests ng New South Wales at Queensland



Kakadu National Park sa Hilagang Teritoryo



Fraser Island sa baybayin ng katimugang Queensland



Great Barrier Reef sa Queensland



Lord Howe Island sa baybayin ng New South Wales



Greater Blue Mountains sa kanluran ng Sydney



Heard Island at McDonald Islands sa Teritoryong antartika ng Australia



Macquarie Island sa timog ng Tasmania



Purnululu National Park isa Kanlurang Australia



Sydney Opera House



Wet Tropics sa Queensland



Royal Exhibition Building at Carlton Gardens sa Melbourne



Tasmanian Wilderness



Willandra Lakes sa New South Wales



Shark Bay sa Kanlurang Australia



Uluru-Kata Tjuta National Park sa Hilagang Teritoryo

Hinihimok namin kayong palawakin ang inyong karanasan sa Australia sa pagbisita sa mga pook na ito at iba pang mga kagulat-gulat na palatandaan. Maaari kayong maglakad sa disyerto o sa babay-dagat, sa mga bundok o sa mga kagubatan. Bawat hakbang ninyo ay isang hakbang upang mapalapit ang sarili sa malawak at masiglang lupaing ito.

Isang malawak na bansa

Ang kalawakan ng Australia ay naging sanhi ng pagbabago at paglikha.

Noong mga unang araw, ang mga tao sa “outback” kung minsan ay nagbibiyaha ng ilang araw para lang bumisita sa kanilang pinakamalapit na doktor. Maraming mga bata na naninirahan sa lupang-kasukalan ang napakalayo para pumasok sa kanilang eskuwela sa araw.

Ang mga pamilya sa “outback” ay nahirapan sa kanilang pagkakahiwalay na malayo. Ang mga malalaking istasyon ng mga kawan ng baka ay maaaring libo-libong kuwadrang kilometro ang kalakhan. Ang mga babae at kanilang mga anak na naninirahan dito ay maaaring hindi magkita ng maraming buwan. Walang mga telepono at ang mga tao ay nakaramdam ng masyadong pagkakalayo at panlulumo.

Ito ay mga problema na nilutas ng mga dakilang Australiano sa pamamagitan ng kanilang katalinuhan at pagiging makabago.

Ang radyong de-pedal

Noong taong 1929, si Alfred Traegar na mula sa Adelaide ay nagdisenyo ng isang radyo na pinaandar ng pedal. Ang mga gumagamit nito ay maaaring gawin ang two-way na radyo sa pamamagitan ng pagpadyak sa mga pedal ng kanilang paa. Ang mga malulungkot na homestead, mga istasyon ng malalayong misyon at mga katutubong komunidad ay nakinabang na lahat sa imbensiyong ito. Ang mga napalayong mga babae ay maaari na ngayong makipagkaibigan sa isa’t-isa sa pamamagitan ng radyo.

Ang radyong de-pedal na radyo ay tumulong sa pagtatatag ng dalawang malaking institusyong Australiano, ang Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor (Royal Flying Doctor Service) at ang Iskwelahan sa Himpapawid (School of the Air).

Ang Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor

Ang pastor na si John Flynn ay nanirahan at nagtrabahong kasama ang mga tao sa mga malalayong komunidad. Ang kaniyang ideya ay magkapagdala ng doktor sa isang pasyente sa “outback” sa posibleng madaling panahon sa pamamagitan ng himpapawid. Tumanggap siya ng tulong sa pamahalaan, sa eruplanong Qantas at mga donasyong mapagkawangawa. Ang Serbisyong Royal Flying Doctor ay nagsimula noong 1928 subalit mayroon pa ring mga tao sa malalayong mga lugar ang hindi makatawag sa serbisyo. Ang unang paggamit ng radyong de pedal ang nagtiyak na ang mga tao sa mga napakalayong istasyon ay maaaring tumawag ng doktor sa lalong madaling panahon.

Ang Iskwelahan sa Himpapawid

Hanggang sa 1950s, ang mga bata na naninirahan sa mga napakalayong lugar ay kinakailangang pumasok sa iskwelahang-pangaserahan o dormitoryo upang tapusin ang kanilang mga pag-aaral sa pamamagitan ng koreo.

Si Adelaide Miethke, bise-presidente ng Serbisyong Royal ng Lumilipad na Doktor sa Katimugang Australia, ay napagtanto na ang serbisyong pangradyo nito ay makatutulong din sa mga bata sa kanilang bahay sa pakikipag-usap sa kanilang mga guro. Ang serbisyo para sa Alice Springs ay nagsimulang magbigay ng twoway na mga pag-aaral noong 1948. Ang Iskwelahan sa Himpapawid ay pormal na itinatag pagkatapos ng ilang mga taon. Ang Iskwelahan sa Himpapawid ng Australia ay nakatulong din sa mga ibang bansa sa pagtatatag ng kanilang sariling katumbas na mga programa.

Ang lumang radyong de-pedal ay pinalitan ngayon ng mga kagamitang tagatanggap na may matataas na antas ng “frequency” subalit patuloy pa rin ang pagsisilbi ng Royal Flying Doctor Service ng Australia at ng Iskwelahan sa Himpapawid para sa pakinabang ng mga taong naninirahan sa napakalayong mga lugar ng Australia.



Mga batang nag-aaral sa Iskwelahan ng Himpapawid sa New South Wales

Ang pakakakilanlan ng Australia

Ang pagkakakilanlan ng Australia ay inihugis ng ating kakaibang pamana, ng ating kultura at ng masigasig na ugali ng ating mga mamamayan.

Palaro at libangan

Maraming mga Australiano ang mahilig sa palaro at marami ang nagkamit ng mga kahanga-hangang resulta sa antas ng kompetisyong pangdaigdig.

Ikinararangal natin ang ating reputasyon bilang isang bansa ng magagaling na manlalaro. Ang mga manlalarong Australiano, lalaki o babae, ay hinahangaan bilang mga embahador para sa kahalagahan ng masikap na pagtatrabaho, makatarungang paglaro at pagtutulungan ng magkakasama.

Sa kabuuang tagal ng ating kasaysayan, ang palaro ay kapwa nagpapakilala sa ating mga Australiano at nagbuklod sa ating lahat. Mula sa maaagang paninirahan, ang palaro ay nagbigay ng pagkakataong matakasan ang marahas na pamumuhay. Kahit sa panahon ng giyera, ang mga miyembro ng Hukbong Tanggulan ng Australia ay nag-organisa ng mga palarong pangkompetisyon upang makatulong sa pagpawi ng hirap sa larangan ng digmaan.

Ang palaro ay nagbibigay din ng karaniwang dahilan sa kapwa manlalaro at manonood na maramdamang sila ay kabilang at bahagi ng isang bagay na mahalaga sa lipunang Australiano.

Maraming mga Australiano ang lumalahok sa mga palarong pangpangkat. Ang kriket, basketball, netball, hockey at ang mga koda ng football ay ilan lamang sa mga sikat na palaro.

Ang paglangoy, tennis, mga palarong atletiko, golf at pagbibisikleta ay mga sikat na mga gawaing panlibangan. Ito ay mga palaro rin kung saan ay nangunguna ang mga Australiano sa mga kompetisyong pandaigdig.

Naglalaro rin at gustong panoorin ng mga Australiano ang larong football (tinatawag ding soccer), rugby league, rugby union at Australian Rules football. Ang Aussie Rules ay kakaibang larong Australiano.

Tunay na ikinararangal ng Australia ang mga tagumpay nito sa pandaigdigang kompetisyon ng kriket. Ang mga pangkat ng kriket ng Australia at Inglatera ay mayroong maiinit na tunggalian simula pa ng huling ika-19 na siglo.

Ang Melbourne Cup, “ang karerang nagpatigil sa nasyon,” ay isa sa mga pinakamayaman at pinakamapaghamong karera ng mga kabayo sa mundo. Ang unang Melbourne Cup ay ginanap noong 1861. Ang unang Martes ng buwan ng Nobyembre, Araw ng Melbourne Cup, ay ginawang pista opisyal sa Victoria simula pa noong 1877.



Ian Thorpe, limang beses na nanalo ng gintong medalya sa Olympics



Miyembro ng Pambansang Pangkat ng mga Babae sa Football ng Australia

Sir Donald Bradman (1908 – 2001)

Si Sir Donald Bradman ay ang pinakamagaling na tagapalo sa larong kriket sa buong panahon at isang tanyag na manlalarong Australiano.

Lumaki sa Bowral, New South Wales, si Donald Bradman ay nagsimulang maglaro ng kriket para sa pangkat ng Australia noong taong 1928.

Siya ay may kapayatan pero kagulat-gulat na mabilis ang kaniyang paa. Sa una niyang paglalakbay sa Inglatera noong 1930, sinira niya halos lahat ng rekord sa pagpalo. Sa edad na 21, siya ay tanyag na manlalaro na ng Australia.

Sa huling paglalakbay ni Bradman noong 1948, ang kaniyang pangkat ay tinaguriang 'Di Malulupig' ('The Invincibles'), dahil hindi nila naipatalo ang isang match na nilaro nila laban sa Inglatera.

Si Sir Donald Bradman, na tinawag na 'Ang Don' ('The Don'), ay kinikilala sa mundo na pinakamahasag na tagapalo kailanman. Ang kaniyang subok na pangkaraniwang porsiyento sa pagpalo ay 99.94.



Ang mga sining

Ang Australia ay may masiglang pinangyarihan ng sining na kabilang ang mga katutubong tradisyong pangkultura ng bansa at mayamang pinagsama-samang kultura ng mga migrante. Ang lahat ng uri ng nakikitang sining at pagpapalabas ng Australia, kasama rito ang pelikula, sining, teatro, musika at sayaw, ay nag-ani ng paghanga rito at sa ibang bansa.

Literatura

Ang Australia ay mayroong malakas na tradisyon sa pagsusulat na nagsimula sa mga pagkukuwento ng mga katutubong Australiano at nagpatuloy sa mga kasaysayang sinalaysay ng bibig tungkol sa mga bilanggo na dumating noong huling ika-18 na siglo.

Halos ang maagang pagsusulat sa Australia ay tungkol sa lupang-kasukalan at ang hirap ng buhay sa ganitong marahas na kapaligiran, Ang mga manunulat tulad nila Henry Lawson at Miles Franklin ay nagsulat ng mga tula at mga kuwento tungkol sa lupang-kasukalan at ang paraan ng pamumuhay ng Australiano.

Ang nobelistang Australiano na si Patrick White ay tumanggap ng Premyong Nobel para sa Literatura noong 1973. Ang iba pang mga sikat na nobelistang Australiano sa kasalukuyan ay kabilang sina Peter Carey, Colleen McCullough at Tim Winton.

Judith Wright (1915 – 2000)

Si Judith Wright ay isang namumukod na makata, tagapangalaga ng kapaligiran at tagakampanya para sa mga karapatan ng katutubo.

Isa siya sa mga pinakamamahal na makata ng Australia. Ipinahiwatig niya ang kaniyang pagmamahal sa Australia at mga tao nito sa kaniyang mga tula. Tumanggap siya ng maraming mga premyo kabilang na rito ang Premyong Encyclopaedia Britannica para sa literatura at ang Gintong Medalya ng Reyna para sa Tula. Siya ay miyembro ng Komite para sa Pangangalaga ng Australia at ng Komite para sa Kasunduan sa mga Katutubo.

Naaalaala si Judith Wright para sa kaniyang kahusayan bilang isang makata at sa pagsulong ng literaturang Australiano at sa repormang panlipunan at pangkapaligiran.



Teatro at pelikula

Ang mga dramang Australiano, pelikula at mga direktor ng pelikula ay kinikilala at minamahal rito at sa ibayong dagat. Ang mga aktor na Australiano tulad nila Cate Blanchett at Geoffrey Rush at mga direktor ng pelikula gaya ni Peter Weir ay mga nagsipanalò ng mga premyong pandaigdig para sa kanilang kahusayan sa larangan ng pelikula.

Sining

Ang mga pinakakilalang gawang pang-sining na Australiano ay ang mga masimbolong katutubong larawan sa oleo at ang ika-19 na siglo ng mga larawan ng lupang-kasukalan ng mga pintor tulad nila Tom Roberts, Frederick McCubbin at Arthur Streeton. Noong kalagitnaan ng ika-20 siglo, ang mga artistang sina Russell Drysdale at Sidney Nolan ay ipininta ang karahasan ng “outback” sa matatapang na kulay. Nitong pangkasalukuyan, si Brett Whiteley ay nakakamit ng papuring pandaigdig para kaniyang kakaiba at matinkad na istilo.

Musika at sayaw

Ang mga Australiano ay niyakap at nangibabaw sa lahat ng sangay ng musika at pandaigdig na kinikilala sa kanilang mga kontribusyon sa musikang pangklasiko, “country” at “rock.” Ang pinakamadaling makilala, na purong tunog Australiano ay ang “didgeridoo”, isang napakatandang instrumento ng mga taong katutubo sa Australia.

Ang sayaw na Australiano ay umunlad dahil sa tiyaga ng mga dakilang mananayaw at mga koryograpèr tulad nila Sir Robert Helpmann, Meryl Tankard at Stephen Page.

Mga tagumpay sa agham at imbensiyon

Ang mga Australiano ay mayroong magaling na rekord ng mga natamong tagumpay sa agham at pagsulong sa larangan ng medisina, teknolohiya, agrikultura, pagmimina at paggawa.

Sampu na Australiano ang nabigyan Premyong Nobel sa mga pagkakatuksa sa siyentipiko at sa medisina.

Ang mga nagtagumap sa larangan ng agham ay nakatanggap din ng Mga Gantimpala ng Taon ng Australia. Noong 2005, ang gantimpala ay natanggap ni Propesor Fiona Wood, na siyang nagdibelo ng isprey para sa balat ng mga biktima ng sunog. Noong 2006, tinanggap ni Propesor Ian Frazer ang gantimpala para sa pagdibelo ng bakuna para sa may kanser ng cervix. Sa taong 2007, si Propesor Tim Flannery, isang pangunahing siyentipiko sa kapaligiran ang nakatanggap ng gantimpala.

Si Propesor Wood at Propesor Frazer ay mga migrante mula sa Britanya na lumipat sa Australia. Kasama ni Propesor Frazer sa kaniyang imbensiyon ang yumaong Dr Jian Zhou na isang migrante galing sa Tsina at naging mamamayan ng Australia.



Konduktor at katanggap lang ng pagkamamamayan na si Vladimir Verbitsky kasama ang Orkestra ng Simponya ng Kanlurang Australia

Professor Fred Hollows (1929 – 1993)

Si Propesor Fred Hollows ay isang marubdob na doktor sa mata na tumulong sa paggagamot ng paningin sa mahigit na isang milyong katao sa Australia at sa mga umuunlad na bansa.



Si Fred Hollows ay ipinanganak sa New Zealand. Noong 1965 ay lumipat siya sa Australia at pagkatapos ay naging pinuno ng Kagawaran para sa Mata sa isang ospital sa Sydney.

Siya ay may matibay na paniniwala sa pagkakapantay-pantay ng lahat nga tao at tumulong sa pagtatatag ng unang Serbisyong Pangkalusugan para sa mga Katutubo. Mayroon nang mga 60 sa buong Australia ngayon.

Noong 1980, si Fred Hollows ay naglakbay sa buong mundo upang tumulong sa pagtatatag ng mga programa para sa kalusugan ng mata sa mga umuunlad na bansa. Siya ay naging mamamayang Australiano noong Abril 1989.

Ang mabuting gawain ni Propesor Hollows ay patuloy pa rin sa pamamagitan ng kaniyang asawa, si Gabi at ng Fred Hollows Foundation.

Mga Australiano ng Taon

Mula noong 1960, ang Gantimpala ng Australiano ng Taon ay ipinagdiriwang ang mga tagumpay at kontribusyon ng mga pangunahing Australiano. Kahit sino ay maaaring magmungkahi ng isang Australiano sa kahit ano mang katayuan sa buhay para sa gantimpala. Ang mga Australiano ng Taon ay mga taong nanguna sa kahusayan sa kanilang mga gawain at tumulong sa nasyon.

2009	Professor Michael Dodson AM <i>Katutubong Lider</i>	1995	Arthur Boyd AC OBE <i>Artista</i>
2008	Lee Kernaghan OAM <i>Manganganta, Musikero at Nagtayo ng 'Pass the Hat Around' Tours</i>	1994	Ian Kiernan OAM <i>Tagakampanya, 'Clean Up Australia'</i>
2007	Professor Tim Flannery <i>Siyentipiko, Awtor at Tagapangalaga ng Kapaligiran</i>	1992	Mandawuy Yunupingu <i>Katutubong Lider</i>
2006	Professor Ian Frazer <i>Clinical Immunologist</i>	1991	Archbishop Peter Hollingworth AO OBE <i>Tagapagtaguyod ng Hustisyang Panlipunan</i>
2005	Professor Fiona Wood AM <i>Plastic Surgeon and Burns Specialist</i>	1990	Professor Fred Hollows AC <i>Ophthalmologist</i>
2004	Steve Waugh <i>Kapitan, Test Cricket at Makatao</i>	1989	Allan Border AO <i>Kapitan, Test Cricket</i>
2003	Professor Fiona Stanley AC <i>Paediatrician and Epidemiologist</i>	1988	Kay Cottee AO <i>Sumira ng rekord, Solo Yachtswoman</i>
2002	Patrick Rafter <i>Kampeyon, US Open Tennis at Nagtayo ng 'Cherish the Children Foundation'</i>	1987	John Farnham <i>Manganganta at Musikero</i>
2001	Lt General Peter Cosgrove AC MC <i>Pinuno ng Hukbong Australiano 2000-2002</i>	1986	Dick Smith <i>Adbenturero at Pilantropo</i>
2000	Sir Gustav Nossal AC CBE FAA FRS <i>Research Biologist</i>	1985	Paul Hogan AM <i>Aktor</i>
1999	Mark Taylor <i>Kapitan, Test Cricket</i>	1984	Lowitja O'Donoghue CBE AM <i>Katutubong Lider</i>
1998	Cathy Freeman <i>Kampeon ng Atletikong Pandaigdig at Olympics, at Katutubong Embahador</i>	1983	Robert de Castella MBE <i>Kampeon, Pandaigdigang Maraton</i>
1997	Professor Peter Doherty <i>Premyong Nobel sa Medisina</i>	1982	Sir Edward Williams KCMG KBE <i>Commissioner, Australian Royal Commission of Inquiry into Drugs</i>
1996	Doctor John Yu AM <i>Paediatrician</i>	1981	Sir John Crawford AC CBE <i>Arkitekto ng Pag-unlad ng Australia pagkatapos ng Giyera</i>
		1980	Manning Clark AC <i>Manunulat ng kasaysayan</i>

Ang kanilang mga tagumpay ay nagpapalaisipan sa atin kung anong higit pa ang maaari nating ibigay sa ating bansa. Kabilang ngayon sa mga gantimpala ay ang Batang Australiano ng Taon, Matandang Australiano ng Taon at ang Lokal na Bayani ng Australia.

- | | | | |
|-------|--|------|--|
| 1979* | Senator Neville Bonner AO
<i>Unang Senador na Katutubo</i> | 1969 | The Rt Hon Richard Gardiner Casey Baron of Berwick, Victoria and of the City of Westminster KG GCMG CH
<i>Gobernador-Heneral ng Australia 1965-69</i> |
| 1979* | Harry Butler CBE
<i>Conservationist at Naturalist</i> | 1968 | Lionel Rose MBE
<i>Kampeon ng Pandaidigang Boksing</i> |
| 1978* | Alan Bond
<i>Negosyante</i> | 1967 | The Seekers
<i>Grupong pangmusika</i> |
| 1978* | Galarwuy Yunupingu AM
<i>Katutubong Lider</i> | 1966 | Sir Jack Brabham OBE
<i>Kampeon, World Motor</i> |
| 1977* | Sir Murray Tyrrell KCVO CBE
<i>Kalihim ng Tanggapan ng Gobernador-Heneral</i> | 1965 | Sir Robert Helpmann CBE
<i>Aktor, Mananayaw, Prodyuser at Koryograper</i> |
| 1977* | Dame Raigh Roe DBE
<i>Lider ng Asosasyon ng Kababaihan sa Kanayunan</i> | 1964 | Dawn Fraser MBE
<i>Kampeon, Olympic Swimming</i> |
| 1976 | Sir Edward 'Weary' Dunlop AC CMG OBE
<i>Doktor ng militar</i> | 1963 | Sir John Eccles AC
<i>Premyong Nobel sa Medisina</i> |
| 1975* | Sir John Cornforth AC CBE
<i>Premyong Nobel sa Kimiko</i> | 1962 | Alexander 'Jock' Sturrock MBE
<i>Skipper, America's Cup Challengers</i> |
| 1975* | Major General Alan Stretton AO CBE
<i>Kumander ng Darwin Relief Operation after Cyclone Tracy</i> | 1961 | Dame Joan Sutherland OM AC DBE
<i>Soprano</i> |
| 1974 | Sir Bernard Heinze AC
<i>Konduktor at Musikero</i> | 1960 | Sir MacFarlane Burnet OM AK KBE
<i>Premyong Nobel sa Medisina</i> |
| 1973 | Patrick White
<i>Premyong Nobel sa Literatura</i> | | |
| 1972 | Shane Gould MBE
<i>Kampeon sa Paglangoy sa Olympic</i> | | |
| 1971 | Evonne Goolagong Cawley AO MBE
<i>Kampeon ng Tennis sa Wimbledon at French Open</i> | | |
| 1970 | His Eminence Cardinal Sir Norman Gilroy KBE
<i>Unang Kardinal na Ipinanganak sa Australia</i> | | |
- *Sa pagitan ng 1975 at 1979, kinilala rin ng Konseho ng Araw ng Australia sa Canberra ang Australiano ng Taon.
- Ang mga pangalang nakalagay pagkatapos ng pangalan ng mga nakatanggap ng gantimpala ay mga umiiral noong panahon ng pagbibigay ng gantimpala.

Ang perang Australiano

Inilalarawan ng ating pera ang mga tao at simbolo na mahalaga sa Australia. Ang mga tanyag na Australianong napiling ilarawan sa ating pera ay mga taong nagpakita ng inisyatiba at malaking kahusayan sa mga larangan ng repormang panlipunan, agham, pulitika, mga tagumpay sa militar at sa sining.

Ang Luma at bagong Kapulungan ng Parlamento



Ang \$5 na pera ay ipinakikita ng Lumang Kapulungan ng Parlamento at ang Bagong Kapulungan ng Parlamento.

Reyna Elizabeth II (ipinanganak noong 1926)



Si Reyna Elizabeth II ay ang pinuno ng Estado ng Australia. Siya ang Reyna ng Australia at ng United Kingdom at naninirahan sa Inglatera. Siya ay naging malakas at matatag na awtoridad sa buong kahabaan ng kaniyang tanyag na panahon ng kapangyarihan.

Dame Mary Gilmore (1865 – 1962)



Si Dame Mary Gilmore ay isang awtor, peryodista, makata at taga kampanya para sa repormang panlipunan. Inaalaala siya dahil sa kaniyang mga isinulat at sa pagsasalita para sa interes ng mga babae, mga katutubong Australiano at mahihirap na tao.

AB 'Banjo' Paterson (1864 – 1941)



Si Andre Barton Peterson ay isang makata, manunulat ng kanta at peryodista. Nagsulat siya sa ilalim ng pangalang 'Banjo' Peterson at inaalaala siya sa 'Waltzing Matilda', ang pinakapopular na awiting bayan sa Australia.

Reverend John Flynn (1880 – 1951)



Si Pastor John Flynn ang nagsimula ng unang serbisyong pangagamot sa himpapawid, ang Serbisyong Royal ng Lumilpad na Doktor sa Australia, Naalaala siya dahil sa pagligtas sa maraming buhay sa pamamagitan ng paghatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa pinakamalayong lugar sa Australia.

Mary Reibey (1777 – 1855)



Si Mary Reibey ay isang tagapangunang negosyanteng babae sa kolonya ng New South Wales. Pagkatapos dumating sa Australia na isang batang bilanggo, siya ay naging iginagalang na lider ng komunidad.

Edith Cowan (1861 – 1932)



Si Edith Cowan ay isang manggagawang panlipunan, pulitiko at peminista, Siya ang unang babaing nahalal sa parilamento ng Australia.

David Unaipon (1872 – 1967)



Si David Unaipon ay isang manunulat, mananalumpating pangpubliko at imbentor. Siya ay naaalala dahil sa kaniyang kontribusyon sa agham at literatura, at sa pagpapabuti ng mga kondisyon ng mga katutubong Australiano.

Sir John Monash (1865 – 1931)



Si Sir John Monash ay isang inhinyero, administrador at isa sa mga dakilang kumander ng militar ng Australia. Naaalala siya dahil sa kaniyang pagiging lider, katalinuhan at kagalingan sa pagsasalita.

Dame Nellie Melba (1861 – 1931)



Si Dame Nellie Melba ay isang tanyag na soprano sa mundo. Kilala sa buong mundo na "Reyna ng Awit", siya ang unang Australiano na naging sikat na mangangata sa mundo.

Mga pambansang araw at pagdiriwang

Ang mga pambansang pista opisyal ng Australia ay inilalarawan ang ating pamanang Hudyo-Kristiyano at ipinagdiriwang ang mahahalagang pangyayari na umukit sa pagkakilanlang Australiano mula ng pagsakop ng mga taga-Europa.

Mga nakapirming petsa

Araw ng Bagong Taon, ika-1 ng Enero

Ating ipinagdiriwang ang simula ng bagong taon.

Araw ng Australia, ika-26 ng Enero

Ipinagdiriwang natin kung ano ang kahulugan nang maging Australiano at inaalaala ang pagdating ng Unang Plota sa Sydney Cove noong 1788.

Araw ng Anzac, ika-25 ng Abril

Ating inaalaala ang paglapag ng mga Pangkat ng Australiano at ng New Zealand (ANZAC) sa Gallipoli noong Unang Digmaang Pandaigdig, Binibigyan din natin ng parangal ang lahat ng mga nagsilbi at nasawi sa mga digmaan.

Araw ng Pasko, ika-25 ng Disyembre

Isang araw ng pagbibigayan ng regalo batay sa pagdiriwang ng mga Kristiyano sa kapanganakan ni Hesukristo.

Araw ng Pagkakahon, ika-26 ng Disyembre

Bahagi ng pagdiriwang ng Pasko.

Nag-iibang petsa

Araw ng Paggawa o Araw ng Otso Oras

Ipinagdiriwang ng mga Australiano ang pagkapanalo ng mga manggagawa para sa walong oras na trabaho sa isang araw – ang kauna-unahan sa mundo.

Pagkabuhay na muli

Ipinagdiriwang ang kwentong Kristiyano sa pagkamatay at pagkabuhay na muli ni Hesukristo.

Araw ng Kapanganakan ng Reyna

Ipinagdiriwang ang kapanganakan ng Puno ng Estado ng Australia, Reyna Elizabeth II. Ang selebrasyong ito ay ginaganap sa pangalawang Lunes sa buwan ng Hunyo sa bawat estado at teritoryo, maliban sa Kanlurang Australia.

Iba pang mga pista opisyal

Ang iba pang mga pista opisyal ay ginaganap sa ibang mga estado, teritoryo at siyudad. Halimbawa, ang Australian Capital Territory ay may Araw ng Canberra, ang Katimugang Australia ay may Araw ng mga Boluntaryo, at ang Kanlurang Australia ay may Araw ng Pundasyon.



Bisperas ng Bagong Taon mga paputok sa Sydney Harbour 2005

Mga taong Australiano

Ang Australia ay may populasyon na mga 22 milyong katao at isa sa mga pinakakaiba-ibang lipunan sa mundo. Ang mga katutubong Australiano ay bumubuo ng 2.5 porsiyento ng kabuuang populasyon. Mas higit sa ikaapat na bahagi ng mga naninirahan sa Australia ay ipinanganak sa ibayong dagat, at naglakbay bilang mga migrante mula sa higit na 200 bansa. Ang pagkakaiba-iba ng populasyon ay nagbibigay sa Australia ng isang mayamang ibat-ibang mga wika, mga paniniwala, tradisyon at kultura.

Ang pormal na ugnayan sa pagitan ng Australia at ng Britanya ay kumupas sa haba ng panahon subalit ang impluwensiya ng Britanya ay nanatili sa mga institusyong Australiano. Ito ay nananatili rin sa ating maraming mga kaugalian at gayun din sa ating pambansang wika. Samantalang ang mahigit sa 200 ibat-ibang mga wika ay ginagamit sa pagsasalita sa tahanan at sa komunidad (kabilang ang maraming mga katutubong wika), ang Ingles ay mahalagang bahagi ng ating pambansang pagkakakilanlan.

Ang ekonomiya ng Australia

Ang Australia ay may isang matatag at masiglang ekonomiya. Pinahahalagahan natin ang isang masigasig at mahusay na hukbo ng mga manggagawa. Ang kalidad ng buhay na tinatamasa ng mga tao sa Australia ay isa sa mga pinakamataas sa mundo.

Dick Smith

(ipinanganak noong 1944)

Si Dick Smith ay isang nangungunang negosyanteng Australiano, adbenturero at pilantropo.

Si Dick Smith ay unang nagtagumpay sa negosyo ng elektroniko. Ginamit niya ang kaniyang yaman upang isulong ang Australia.

Sinimulan niya ang isang kompanya ng pagkaing gawang-Australiano lamang at namuhunan siya ng mga milyong dolyares para panatilihin ang mga kompanya ay maging pag-aaari ng mga Australiano.

Siya ay napiling Australiano ng Taon noong 1986 at nanalo ng gantimpala para sa pagsulong sa teknolohiya at pangangalaga ng kapaligiran. Siya ang kauna-unahang tao na tumawid sa Australia, at sa Dagat ng Tasman, sa isang sasakyang-lobo na pinalilipad ng mainit na hangin. Kilala siya sa kaniyang pagiging adbenturero, sa kaniyang mga tagumpay sa negosyo at sa kaniyang marubdub na pagmamahal sa Australia.



Ang pamilihan

Ang mga matatag at modernong institusyon sa pananalapi ng Australia at mahigpit nitong mga regulasyon sa pagbubuwis at pangangalakal ang nagdulot ng kasigurahan sa gawaing pangnegesyo. Ang serbisyong pang-industriya, na kabilang ang turismo, edukasyon at mga serbisyong pananalapi, ay bumubuo ng halos 70 porsiyento ng Pangkalahatang Produktong Domestiko (Gross Domestic Product (GDP)) ng Australia.

Ang katatagan sa ekonomiya ng Australia ang nagpapa-akit na destinasyon ng pamumuhunan. Ang pamilihan ng saping-puhunan ng Australia ang siyang pangalawang pinakamalaki sa rehiyon ng Asya at Pasipiko sumusunod sa Hapon.

Pangangalakal

Ang Australia ay ang pinakamalaking kasosyong pangkalakalan ng Hapon, Tsina, Estados Unidos, Timog Korea, New Zealand at ng Britanya. Tayo ay isang mahalagang tagaluwas ng trigo, lana, mineral na bakal, mga mineral at ginto. Nagluluwas din tayo ng enerhiya sa mga porma ng nilusaw na likas-na-gas at karbon. Ang ating ekonomiya ay nakabukas at ang pangangalakal ay laging isang mahalagang bahagi ng ating kaunlaran sa ekonomiya. Ang iniluwas -kalakal ng Australia kamakailan ay umaabot sa kabuuang mahigit sa \$200 billion.

Pagmimina

Ang Australia ay sagana sa likas na kayamanan tulad ng karbon, tanso, nilusaw na likas-na gas at mga mineral na buhangin. Mataas ang pangangailangan sa mga ito, lalo na ng mga umuunlad na ekonomiya sa Asya.



Ang pinakamalaking sektor na tagaluwas ng Australia ay ang mga mineral at mga panggatong

Ang Australia bilang isang mamamayang pangdaigdig

Ikinararantal ng Australia ang bahaging ginagampanan nito bilang isang mabuting mamamayang pangdaigdig. Ipinakikita natin ito sa pagtulong sa mga hindi kasingpalad natin sa paligid ng daigdig.

Mga tulong pang-internasyunal at mga gawaing pangkabutihan ng Australia

Ang Pamahalaan ng Australia ay may programa ng pagtulong sa mundo at sinusuportahan ang mga umuunlad na bansa na mabawasan ang kanilang kahirapan at matamo ang isang mapagpapatuloy na kaunlaran. Ibinibigay natin ang suportang ito sa ating rehiyon at sa paligid ng mundo sa pagtulong sa mga tao at sa mga pamahalaan.

Ipinakikita ng Australia ang malaking kabutihang-loob kung may mga malaking kapahamakan naganap sa ating bansa o sa ibayong dagat. Nagbibigay din tayo ng tulong sa mga bansang nakararanas sa patuloy na kahirapan. Ang pagpapasiya ng Australia sa kaniyang programa ng pagtulong ay inilalarawan sa ganitong katangian ng karakter ng Australiano.



Ang operasyong pangkawanggawa ng Australia sa Indonesya pagkatapos ng tsunami sa Karagatang India noong 2004

Ang masiglang paglahok ng Australia sa pandaigdigang mga porum

Ang Australia ay naging masiglang miyembro ng Nagkakaisang Bansa (United Nations, UN) simula nang ito ay itinatag noong 1945. Sa ilalam ng Kombensiyon ng UN Para sa mga Taong Tumatakas sa Kanilang Bansa (UN Refugee Convention) 1951, ang Australia ay nagbibigay ng proteksiyon sa mga taong nakilalang tumatakas sa ilalim ng kumbensiyong ito. Tayo ay tumutulong din sa UN sa kaniyang mga gawaing pagpapanatili ng kapayapaan at pangkagipitan at pantaong mga pagtugon para sa mga umuunlad na bansa, at may malaking pakikilahok sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO).

Noong 1971, ang Australia ay naging isang lubusang miyembro ng Organisasyon Para sa Kooperasyong Pang-ekonomiko at Kaunlaran (Organization for Economic Cooperation and Development, OECD). Ang OECD ay naglalayong mapabuti ang mga kondisyong may kinalaman sa ekonomiya, lipunan at paghahanapbuhay sa kaniyang 30 miyembrong bansa at sa ibang umuunlad na mga bansa. At kasabay nito, ang OECD ay naglalayong mapalawak ang kalakalan sa mundo.

Malakas na sinusuportahan ng Australia ang maigting na kooperasyon sa rehiyon ng Asya at Pasipiko. Ang Australia ay isang masiglang miyembro ng Kooperasyong Pang-ekonomiko ng Asya at Pasipiko (Asia-Pacific Economic Cooperation, APEC), ng Pagpupulong ng Silangang Asya, East Asia Summit, (EAS), ng Porum Pangrehiyon ng ASEAN (ASEAN Regional Forum, ARF), at ng Porum ng Isla sa Pasipiko (Pacific Islands Forum, PIF).

Dr Catherine Hamlin AC (ipinanganak noong 1924)

Si Dr. Catherine Hamlin ay isang doktor sa mga sakit pambabae, nakilala siya sa pagsagip sa mga batang babaing taga-Ethiopia sa buhay ng pagdurusa.



Simula noong 1959, si Catherine Hamlin ay nagtrabaho sa Addis Ababa sa Ethiopia na tumutulong sa mga babaeng may kapansanang sanhi ng panganganak na tinatawag na 'obstetric fistula'. Ang mga babaing may ganitong problema ay hindi maaaring makontrol ang mga gawain ng kanilang katawan at sila ay itinatakwil ng kanilang lipunan.

Si Catherine at ang kaniyang asawa ay nagtatag ng Ospital ng Fistula sa Addis Ababa. Ang kanilang ginawa ay nangahulugan sa mga libu-libong mga babae na maaari silang bumalik sa kanilang tahanan upang mamuhay nang lubos at malusog sa kanilang mga nayon.

Noong 1995. Si Dr. Catherine Hamlin ay ginawang Kompanyon ng Order ng Australia, ang pinakamataas na gantimpalang Australiano. Patuloy siyang nagtatrabaho para sa mga babae ng Ethiopia.

Ang Australia ngayon ay isang malawak at lumalagong bansa, ikinararantal ang kaniyang mga tagumpay sa palaro, sa sining at agham. Pinahahalagahan natin ang kalidad ng buhay ng ibang mga tao subalit tayo ay palaging pumupuntirya ng mas mataas pa.

Sa pamamagitan ng kawanggawang pang-internasyunal at pagtulong sa kaunlaran, nailahok ng Australia ang diwa nitong makatarungang pakikitungo nang lagpas pa sa mga palaruan hanggang sa komunidad na pangdaigdig.

Mga Premyadong Nobel na Australiano

Ang Australia ay nakilala sa pagsasaliksik sa larangan ng agham at medisina. Sampung mga Australiano ang nabigyan ng Premyong Nobel sa mga larangang ito.

Propesor William Bragg (1862 – 1942) at Lawrence Bragg (1890 – 1971) Mga siyentipikong pisiko.
William Bragg (ama) at Lawrence Bragg (anak) ay magkasamang nanalo ng Premyong Nobel sa siyensiya ng pisiko noong 1915, 'para sa kanilang mga serbisyo sa pag-aanalisa ng istraktura ng kristal sa paggamit ng X-rays'.

Sir Howard Walter Florey (1898 – 1968) Pathologist.

Ipinanganak sa Adelaide, Timog Australia, si Howard Florey ay tumanggap ng Premyong Nobel para sa Physiology o Medisina noong 1945 (may kasama) 'para sa pagdiskubre ng penisilin at bisa nito sa panggagamot ng maraming mga nakahahawang sakit'.

Sir Frank Macfarlane Burnet (1899 – 1985) Medical Scientist and Biologist.

Ipinanganak sa Victoria, si Frank Burnet ay nanalo ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 1960 (may kasama) 'para sa pagdiskubre ng 'acquired immunological tolerance'.

Sir John Carew Eccles (1903 – 1997) Physiologist.

Si John Eccles ay ipinanganak sa Melbourne at tumanggap ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 1963 (may kasama) 'para sa mga pagdiskubre ng mga mekanismong iyoniko na kaugnay sa pagpupukaw at pagpipigil ng mga parteng katabi at sa gitna ng laman ng selulang pangnerbiyos'.

Propesor John Warcup Cornforth (1917 – 2007) Kemiko.

Si John Cornforth ay ipinanganak sa Sydney at tumanggap ng Premyong Nobel sa Kemiko noong 1975 (may kasama) 'para sa kanyang trabaho sa stereochemistry ng enzyme-catalyzed reactions'.

Propesor Peter Doherty (born 1940) Immunologist.

Si Peter Doherty ay ipinangank sa Queensalanda at tumanggap ng Premyong Nobel para sa Physiology o Medisina noong 1996 (may kasama) "para sa mga pagdiskubre na may kinalaman sa depensang pangmamagitan hindi tinatabang selula'.

Propesor Barry Marshall (ipinanganak noong 1951), gastroenterologist at Dr. Robin Warren (ipinanganak noong 1937), pathologist.

Si Barry Marshall at Robin Warren ay magkasamang nanalo ng Premyong Nobel sa Physiology o Medisina noong 2005 sa kanilang pagdiskubre ng 'bacterium *Helicobacter pylori* at ang ginagampanan nito sa sakit na gastritis at peptic ulcer'.


Professor Elizabeth Helen Blackburn (born 1948) Biologist.

Elizabeth Blackburn was born in Hobart and received the Nobel Prize in Physiology or Medicine 2009 (jointly) 'for the discovery of how chromosomes are protected by telomeres and the enzyme telomerase'.

Ang Australia ay mayroon ding isang Premyong Nobel sa Literatura.

Patrick White (1912-1990) Nobelistang mandudula.

Ipinanganak sa London sa mga magulang na Australiano, si Patrick White ay nanalo ng Premyong Nobel sa Literatura noong 1973 'para sa pagsusulat sa isang mahabaan at sikolohiyang pagsasalaysay na sining na nagpakilala sa literatura ng isang bagong kontinente'.



A close-up image of several traditional Australian Aboriginal spears and boomerangs, decorated with intricate patterns and designs.

Ikalimang Bahagi Ang ating kwentong Australiano

*Ang mga katutubong kultura ng Australia
ang pinakamatandang umiiral na mga kultura sa mundo.*

Ang ating kwentong Australiano

Ang maikling kasaysayang ito ng Australia ay hindi ang kabuuang kwento nito, datapwa't maaari itong magbigay sa inyo ng ideya ng mga pangyayari na humugis sa ating bansa at ating kultura. Sa loob ng mga libong-libong taon ang lupain ay tinirhan at inalagaan ng mga katutubong mga tao. Ang pagdating ng Unang Plota noong 1788 ay nagpabago sa kanilang mundo mula noon. Sa mga nakaraang 200 na taon, ang Australia ay natuto sa maraming aralin tungkol sa pagkakapantay-pantay at mga karapatang makatao sa daanan nito patungo sa multikulturalismo at pagkakasundo. Ang mga repormang ating naisagawa ay nangangahulugan na ang Australia na inyo ngayong sinasalihan ay isang lipunan na kung saan ang bawat tao ay nakakaramdam na siya ay napapabilang at pinahalalagan.

Mga katutubong Australiano

Ang mga katutubong kultura ng Australia ang pinakamatandang umiiral na mga kultura sa mundo. Ang mga katutubong tao sa Australia ay nanirahan dito sa pagitan ng 40,000 at 60,000 na mga taon.

Ang mga kulturang katutubo at ng Torres Strait Islander ay magkakaiba sa isa't isa. Mayroon silang sariling wika at mga tradisyon.

Ayon sa kasaysayan, ang katutubong mga tao ay nagmula sa pangunahing lupain ng Australia at Tasmania. Ang mga Torres Strait Islander ay nanggaling sa mga isla sa pagitan ng dulo ng Queensland at Papua New Guinea. Ang mga Torres Strait Islander ay may katulad na mga kultura at kaugalian sa mga taong nakatira sa Papua New Guinea at ibang mga isla sa Pasipiko.

Mga wika

Bago naninirahan ang mga taga Britanya, mahigit sa 700 na wika at mga diyalekto ang ginagamit ng mga katutubong tao at mga taga Torres Strait Islander. Mga 145 na wika ang ginagamit pa rin sa pangkasalukuyan. Walang mga wika na isinulat. Ang mga kasaysayang bukambibig ng mga katutubong kultura ay napakalahaga dahil ipinahahayag nila ang kwento ng mga tao at ng lupa. Halimbawa, ang mga kwentong tulad ng mga nagpapaliwang ng pagbaha sa Port Phillip Bay sa Victoria ay tumutukoy sa isang totoong pangyayari mga 10,000 na taon na ang lumipas.

Ang Pangangarap at Katutubong Sining

Ang mga ibat-ibang pangkat ng mga katutubo ay may sariling pangalan na tinatawag natin sa Ingles na "Pangangarap." Ang Pangangarap, o ang Oras ng Pangangarap, ay isang sistema ng kaalaman, paniniwala at pagkilos na nagpapatnubay sa buhay katutubo. Pinakikita nito sa mga tao kung paano sila mamumuhay at paano sila kikilos. Ang mga tao na hindi sumunod sa mga patakaran nito ay pinaparusahn.



Katutubong sining ng Kakadu

Ang mga istorya ng Pangangarap ay ikinuwento sa mga bata ng kanilang magulang at matatanda. Ang mga kwentong ito ay nagturo sa mga bata kung paano ang kanilang lupa ay inihugis at tinirhan, kung paano sila kikilos at bakit. Ang mga kwento ay nagbigay din sa mga bata ng mga mahahalagang aralin, halimbawa, kung saan hahanap ng pagkain.

Ang katutubong musika, kanta at sayaw ay nagkukuwento ng mga istorya ng Pangangarap at pamumuhay sa araw-araw. Kapag ang katutubong tao ay sumayaw at kumanta, sila ay nakakaramdam ng malalim na kaugnayan sa kanilang mga ninuno.

Ang orihinal na mga porma ng sining na katutubo ay mga inukit sa bato o drowing at mga disenyo sa lupa. Ang ilan dito ay mga 30,000 taon na ang katandaan. Nagpipinta ang mga tao sa Gitnang Australia ng mga tuldok at bilog na naglalarawan ng lupa o mga kwento mula sa Pangangarap. Yaong mga nasa parteng kahilagaan ng Australia ay nagpipinta ng mga pigura ng tao, hayop at mga isipito.

Patuloy na mahalaga ang Pangangarap sa mga katutubong tao sa ngayon.

Ang mga unang taga - Europa sa Australia

Maagang paggalugad ng mga taga-Europa

Noong ika-17 na siglo, ang mgamananalisk na Europeo ay nakadiskubre ng mga parte na tinawag nilang 'Terra Australis Incognita', ang lupaing walang nakakaalam sa timog. Noong 1606, isang Olandes, si Willem Janszoon, ay naglakbay sa tabing kanluran ng Cape York Peninsula sa dulong hilaga ng Australia. Sa halos magkasabay na panahon, pinamunuan ni Luis Vaez de Torres ang isang barko ng Espanya sa paglalayag patungo sa strait sa hilaga ng kontinente.


Pagkatapos noong 1600s, ang mga magdaragat na Olandes ay ginalugad ang baybayin ng Kanlurang Australia. Tinawag nila ang lupang ito na 'Bagong Olandes'.

Noong 1642, nadiskubre ni Abel Tasman ang baybayin ng isang bagong lupa na tinawag niyang 'Van Diemen's Land' (ngayon ay Tasmania). Nilakbay din niya ang libo-libong milya ng baybayin ng Australia. Ang kaniyang di kumpletong mapa ng Bagong Olandes ay ipinakikita na siya ay naniniwala na ang lupang ito ay nakakabit sa Papua New Guinea sa hilaga nito.

Si William Dampier ang unang Ingles na yumapak sa lupa ng Australia. Noong 1684, siya ay lumapag sa baybayin sa hilagang kanluran. Ang lupa ay tuyot at maalikabok kaya't hindi niya ipinalagay na ito ay mahalaga sa pangangalakal o maaaring panirahan.

Kapitan James Cook

Ang silangang baybayin ng Australia ay hindi ginalugad ng mga taga Europa hanggang sa pagdating ng isang Ingles na si James Cook na nakarating dito noong 1770 sa kaniyang barkong 'Ang Pagpupunyagi' (The Endeavour). Si Cook ay ipinadala ng Pamahalaan ng Britanya sa isang paglalakbay ng pagdiskubre ng Timog Pasipiko. Nilakbay niya ang silangang baybayin at lumapag sa Botany Bay, sa bahagyang timog ng modernong Sydney. Tinawag ni James Cook ang lupang ito na 'New South Wales', at kaniyang inangkin ito para kay Haring George III.



Ang mapa ng Bagong Olandes ni Abel Tasman, 1644

Ang transportasyon ng mga bilanggo

Ang Australia ay kakaiba dahil sa halos lahat ng mga unang naninirahan dito na galing sa Europa ay mga bilanggo. Pagkatapos na makamit ng Estados Unidos ng Amerika ang kaniyang kalayaan, ang Britanya ay hindi na maaaring makapagpadala rito ng kaniyang mga bilanggo. Ang mga bilangguan sa Britanya ay naging masikip. Nang lalong mas lumago ang bilang ng mga bilanggo, napilitan ang Britanya na humanap ng ibang lugar na maaari silang ipadala. Noong 1786, nagdesisyon ang Britanya na ipadala ang mga bilanggo sa bagong kolonya ng New South Wales. Ito ay tinawag na 'transportasyon'.

Ang unang kolonya

Ang unang gobernador ng kolonya ng New South Wales ay si Kapitan Arthur Phillip. Ligtas niyang dinala ang unang plotang ng 11 barko na mulas Britanya sa kabilang panig ng mundo. Pinagalagaan niyang mabuti ang pagpapakain at kapakanan ng mga bilanggo at mga ilan ay namatay sa paglalakbay.

Pinangunahan ni Kapitan Phillip ang Unang Plota sa Sydney Cove noong ika-26 ng enero 1788. Sa anibersaryo nito ay ating ipinadiriwang ang Araw ng Australia taun-taon.



Ang paglalakbay ng Unang Plota mula sa Britanya, pagdating sa Sydney Cove noong 1788

Ang mga unang taon

Ang mga unang taon ng paninirahan ay masyadong napakahirap. Sinigurado ni Gobernador Phillip na ang mga tao ay hindi nagutom sa paglalagay sa bawat isa sa parehong rasyon ng pagkain, kabilang na siya at kaniyang mga opisyal. Ang kaniyang normal na pag-iisip at determinasyon ang tumulong na mapanatili ang kolonya noong mga mahihirap na taong yaon.

Ang mahirap na trabaho sa panahon ng maagang paninirahan ay isinagawa sa pamamagitan ng puwersahang pagpapatrabho ng mga bilanggo. Sila ay hinahagupit kapag ayaw magtrabaho o kung sila ay tumakas o maglasing. Kapag sila ay gumawa ng malubhang krimen, sila ay ipinadadala sa pinakamalayong paninirahan o ibinibigti. Ang mga bilanggo na natapos ang kanilang mga sentensiya ay naging malaya at sumanib sa komunidad upang magtrabaho at magpalaki ng pamilya.

Mga bagong oportunidad

Ang unang populasyon ng taga-Europa ng Australia ay binuo ng mga Ingles, mga taga Eskosya, mga taga Wales at mga Irlandes. Ang mga taga Eskosya, Wales at Irlandes ay kalimitang nakikipagdigmaan sa mga tubong Ingles noong nakaraan, subalit sa Australia, ang apat na grupo ay namuhay at nagtrabahong magkakalapit at magkakasama.

Mga bilanggo at dating bilanggo ay nagsimulang makakita ng mga oportunidad sa kolonya. Ang mga opisyal ng militar ay ginamit ang kanilang oras sa paggawa ng pera sa pangangalakal at ang mga bilanggo at dating bilanggo sa pagtulong sa kanila. Di kapagdaka, ang ilang mga dating bilanggo ay nagtayo ng kanilang mga sariling negosyo. Ang ibang mga dating bilanggo ay naging magaling na magsasaka, mangangalakal, may-ari ng mga tindahan at nagpatakbo ng mga painuman ng alak. Ang mga babaing dating bilanggo ay naging magaling din sa kanilang negosyo at sa malaking banda ay nagtamasa ng mas higit pang karapatan kaysa mga babae sa Inglatera.

Caroline Chisholm (1808 – 1877)

Si Caroline Chisholm ay isang nangungunang lider ng repormang panglipunan na nakapagpabuti sa sitwasyon ng mga babaing walang asawa sa baguhang mga kolonya.

Dumating si Caroline sa Australia na kasama ang kaniyang asawa na opisyal sa hukbo at limang anak noong

1838. Tinulungan niya ang mga migranteng babae na nakatira sa mga kalsada ng Sydney. Sa loob ng ilang taon, siya ay nagtayo ng 16 na hostel para sa mga migranteng kababaihan sa paligid ng kolonya.

Si Caroline ay nagsikap na pagbutihin ang buhay sa barko para sa mga taong naglalakbay papunta sa mga kolonya. Isinaayos din niyang magkaroon ng isang plano ng pagpapahiram ng pera para sa mga dukha upang tulungan silang masira ang siglo ng pag-asa sa iba at sa kahirapan.

Sa kasalukuyan, maraming mga iskwelahan sa Australia ang ipinangalan kay Caroline Chisholm. Siya ay kilala bilang 'kaibigan ng mga migrante' at siya ay inaalaala dahil sa kaniyang walang kapagurang paggawa na tumulong sa mga tao upang magpanibagong buhay.



Isang maunawaing gobernador

Katulad ni Gobernador Phillip, si Gobernador Lachlan Macquarie ay mayroong isang mahalagang lugar sa ating maagang kasaysayan. Pinamahalaan niya ang kolonya ng New South Wales sa pagitan ng 1810 at 1821. Pinaunlad niya ang kolonya bilang isang malayang paninirahan, hindi isang kolonya para sa mga bilanggo. Ginawa niyang mas mahusay ang mga kaugaliang pagsasaka at gumawa ng mga bagong kalsada at mga kaluwagang pangpubliko. Hinimok niya ang paggalugad sa Australia.

Naglagay din ng pera si Macquarie sa edukasyon at iginalang ang mga karapatan ng dating bilanggo. Binigyan niya ang mga dating bilanggo ng mga trabaho tulad ng mga huwes at mga tagapagsilbi sa publiko.

Si gobernador Macquarie ay pinarangalan sa kasaysayan para sa mga positibong pagbabago na ginawa niya sa kolonya. Ang Unibersidad ng Macquarie sa New South Wales ay ipinangalan sa kaniya.

Ang ating pamanang bilanggo

Pagkatapos ng paninilbihan ni Macquarie, ipinalagay na ang posisyon ng Gobernador ay masyadong makapangyarihan para sa isang tao, kaya noong 1823, ang Konsehog Pambatasan ng New South Wales ay binuo upang magpayo sa susunod na Gobernador. Sinubukang baguhin ng Konsehong Pambatasan ang kolonya nang sa gayon ang mga bilanggo ay napaparusahan ng nararapat at hindi sila mabuhay nang masagana. Subalit hindi nila makayanang isarado ang lahat ng mga oportunidad para sa mga bilanggong naninirahan sa New South Wales at sa ibang kolonya na itinayo sa paligid ng Australia noong unang bahagi ng ika-19 na siglo.

Sa kabuuan, mahigit sa 160,000 na bilanggo ang nailipat sa Australia. Itinigil ng Britanya ang pagpapadala ng mga bilanggo sa New South Wales noong 1840, sa Tasmania noong 1852, at sa Kanlurang Australia noong 1868.

Ang mga anak ng mga bilanggo ay laging malaya, kaya't ang mga pagkakahati sa pagitan ng mga dating bilanggo at maninirahan ay unti-unting naglaho. Mula noong 1850s, ang mga naninirahan sa mga kolonya ay nagsimulang pamahalaan ang kanilang sarili at ninais na magtatag ng kagalang-galang na mga lipunan. Ang mga naninirahan ay nahiya sa kanilang nakaraan bilang mga bilanggo at ayaw nilang pag-usapan ito. Mga isang siglo pagkatapos, ang pagkakadama ng kahihiyan ay nagbago. Natutuhang ipagmalaki ng mga Australiano ang kanilang simulain bilang mga bilanggo at maraming tao sa ngayon ay nasisiyahan na makatagpo ng isang ninunong bilanggo.

Sa diwa ng pagtanggap nito, ang mga Australiano ay naging mga taong walang pakialam sa pinagmulang pamilya o nakaraang ginawa o inasal ng isang tao. Tinatrato natin ang mga tao kung ano sila sa ating pagkakakilala at binibigyan natin ang bawat tao ng 'pantay na pagkakataon'.

Mga katutubong tao pagkatapos ng pananakop ng mga taga-Europa

Tinatantiya na may 750,000 at 1.4 milyong katutubo at mga taong galing sa Torres Strait Island sa Australia sa pagsimula ng pagdating ng paninirahan ng mga taga-Europa. Kasama sa bilang nila ang mga 250 na indibidwal na nasyon at mahigit sa 700 grupo ng mga wika.

Nang unang manirahan sila sa Australia, ang Pamahalaan ng Britanya ay hindi gumawa ng kasunduan sa katutubong mga tao. Ang mga katutubong tao ay may sariling mga ekonomiya at isang matandang kaugnayan sa lupa. Hindi ito kinilala ng Pamahalaan dahil walang ganitong mga sistema o paniniwala sa Europa. Ang mga katutubong tao ay walang mga pananim o hindi nagtatayo ng kanilang mga bahay sa isang lugar katulad ng ginagawa ng mga Briton, kaya't ang naisip ng Pamahalaan ay wala silang diwa ng pagmamay-ari. Naging malaya ang Pamahalaan sa pag-angkin ng lupa.

Nakakasawing epekto

Ang mga naunang gobernador ay sinabihang huwag saktan ang mga katutubong tao, subalit ang mga maninirahang Briton ay tumira sa mga lupain ng katutubo at maraming katutubong tao ang pinatay. Ang mga maninirahan ay kalimitang hindi pinaparusahan sa paggawa ng mga ganitong krimen.

Ilang mga katutubong tao at mga maninirahang taga-Europa ang nakayang mamuhay nang mapayapa at magkakasama. Ang ilang mga maninirahan ay nagpapatrabaho ng mga katutubong tao sa kanilang sakahan ng mga tupa at baka. Si Gobernador Macquarie ay nag-alay sa mga katutubong tao ng kanilang sariling lupa para sa pagsasaka at nagtayo ng mga iskwela para sa katutubong mga bata. Subalit mangilan-ilan lamang sa mga katutubong tao ang may gusto ng buhay tulad ng sa mga maninirahan. Ayaw nilang mawala ang kanilang mga pangkulturang tradisyon.

Hindi natin alam kung gaano karami ang nasawing katutubong tao sa mga tunggalian sa lupa subalit alam natin na daang-daang libo ang mga katutubong taong namatay. Ang pinakamalaking sanhi ng pagkamatay ng katutubong tao ay ang mga sakit na dala-dala ng mga taga-Europa sa bansa. Ang pagkawala ng katutubong buhay ay napakalaking kasawian. Sa Victoria noong 1830s, ang katutubong populasyon ay halos 10,000 katao. Noong 1853, 1,907 na lamang ang nabilang na mga taong katutubo.


Mga makasaysayang palatandaan Paggalugad sa loob ng lupain

Sa New South Wales, ang mga naunang maninirahan ay humarap sa matinding kahirapan. Napakaliit lamang na bahagi ng Australia ang may matabang lupa. Ang mga katutubong tao ay natutong mabuhay at makaraos sa ganitong uri ng kapaligiran, bagama't nagdusa rin sila ng sa panahon ng tagtuyot.

Ang unang pinakamalaking hadlang na hinarap ng mga maninirahan sa Sydney sa paggalugad ng loob ng lupain ay ang hanay ng bundok na may habang 50 kilometro patungo sa kanluran ng Sydney, ang Blue Mountains. Noong 1813, sa bandang huli ay natawid ng tatlong lalaking sina Blaxland, Wentworth at Lawson, ang mga bundok. Ang kalsada at daang riles sa Blue Mountains ay sumusunod pa rin sa rutang kanilang dinaanan.

Sa kabilang ibayo ng mga bundok na ito ay nadiskubre ng mga tagagalugad ang malawak na lupain na mainam sa pag-aalaga ng mga tupa at baka. Sa kaloob-looban pa, gayunpaman ay natagpuan nila ang tuyo at disyertong lupain. Nagkaroon sila ng malaking problema sa paghahanap ng tubig at pagdadala ng sapat na pagkain upang mabuhay. Si Ludwig Leichhardt, isang tagagalugad na ipinanganak sa Alemanya, ay nawala habang pilit na tinatawid ang kontinente mula silangan hanggang kanluran noong 1848.

Noong 1860, binalak na maglakbay nila Burke at Wills mula Melbourne upang tumawid ng Australia mula sa timog hanggang sa hilaga. Pinangunahan nila ang isang malaking ekspedisyong subalit ang kanilang pagtawid ay naging napakahirap. Sina Burke at Will ay hindi mga taong sanay sa lupang-kasukalan. Tumanggap sila ng ekspertong payo sa mga katutubong Yandruwandha ngunit ang parehong tagapaggalugad ay namatay sa kanilang paglalakbay pabalik. Bagama't nabigong tapusin nila Burke at Wills ang kanilang ekspedisyong, ang kanilang kwento ay inaala sa sining at literatura. Isa itong kalunus-lunos na halimbawa ng karahasan ng ating lupain.



Ang ekspedisyong nila Burke at Wills sa pagtawid ng Australia, 1860

Mga maninirahan at tagabunsod

Kahit na ang mga maninirahan ay may magandang lupa, ang buhay ay napakahirap. Pagkatapos ng mga panahon ng tagbaha o tagtuyot, ang mga magsasaka ay malimit na kailangang magsimula uli. Noong 1838, ang lana ang pangunahing produktong iniluluwas ng Australia at kung may mga tagtuyot o ang presyo ng lana sa ibayong dagat ay bumagsak, ang mga maninirahan ay nawawalan ng kanilang pinagkakabuhayan. Gayun pa man, ang mga tao ay babangong muli at magpapatuloy sa kanilang pagpupunyagi. Ang 'Lumalabang Aussie' (the 'Aussie battler') ay ang pangalang ibinigay natin sa ganitong taong nanatiling nakatayo sa kanilang mga paa sa mga panahong taghirap. Inilalarawan ng Lumalabang Aussie ang pagiging palaban at matatag na Australiano. Ang naunang mga nanirahang lalaki at babaeng ay pinararangalan para sa kanilang katapangan sa mga panahon ng kahirapan. Madalas na kailangang ipagpatuloy ng mga babae ang negosyo o ang pagbubukid kung ang mga lalaki ay umaalis o mga nangamatay.

Noong unang panahong ito ng karahasan na ang diwa ng pagiging magkakaibigan ng Australiano ay nagsimula. Ito ay matindi sa mga lalaki na nagsipaglakbay sa 'outback', naggugupit ng tupa at nagpapaistol ng kawan. Ang mga paninirahan ay nagtutulungan sa isa't isa sa paggapi ng kahirapan, Ang tradisyong ito ay malaking bahagi pa rin ng buhay Australiano, halimbawa, libo-libong mga katao ang nagboboluntaryo sa paglaban ng sunog sa mga lupang-kasukalan bawa't taon.

Ang pagsugod sa pagmimina ng ginto

Ang pagkakadiskubre ng ginto sa New South Wales sa simula ng 1851 ay isinalarawan na 'ang pagkakadiskubre na nagpabago sa nasyon'. Pagkatapos ng maikling panahon, natagpuan din na may ginto sa Victoria, isang bagong nagsasariling kolonya.

Sa katapusan ng 1852, 90,000 na katao ang mga nakapaglakbay patungong Victoria mula sa lahat ng parte ng Australia at sa buong mundo upang maghanap ng ginto.



Ang ginto ay nadiskubre sa mga kolonya ng New South Wales at Victoria noong 1851

Ang himagsikan ng Eureka ay inaalaala na isang dakilang pangyayaring demokratiko sa kasaysayan ng Australia. Sa minahan ng ginto sa Ballarat noong 1854, ang mga naghuhukay ng ginto ay nagdaos ng isang malaking protesta laban sa marahas na paaran ng mga opisyal ng pamahalaan sa pagpapalakad ng minahan.

Ang mga tropa ng sundalo ng pamahalaan ay naging marahas sa mga nagmimina nang kanilang kolektahin ang bayad sa lisensiyang maghukay ng ginto. Noong ika-11 ng Nobyembre 1854, 10,000 mga katao ang nagtipon sa Bakery Hill sa Ballarat upang pagtibayin ang isang karta ng saligang mga karapatang demokratiko. Nais nila na makapaghukay ng ginto na hindi kailangang magbayad ng napakamagastos na lisensiya. Gusto rin nilang makaboto sa mga taong kakatawan sa kanila sa parlamento ng Victoria.

Isang maliit na grupo ang nagtayo ng tanggulan sa mga hinukayan ng Eureka at winagayway ang kanilang rebeldeng bandila na may taglay na Krus ng Katimugan. Ang pamahalaan ay nagpadala ng mga sundalo upang sugurin ang tanggulan sa umaga ng ika-3 ng Disyembre 1854. Ang nagmimina ng ginto ay madaling nagapi at mga 30 sa kanila ang napatay.



Ang bandila ng Eureka

Nang ang mga rebeldeng lider ay iniharap sa paglilitis para sa mataas na krimen ng pagtataksil sa bansa, walang mabuong panghukumang lupong tagahatol para hatulan sila. Sa isang Komisyong Royal ay natagpuan na ang pamahalaan ang may kasalanan at marami sa mga demanda ng mga minero ay ibinigay. Ang naisin nila na magkaroon ng representasyong pampulitika ay ibinigay din. Sa loob ng isang taon, si Peter Lalor, ang lider ng mga rebelde, ay nahalal na miyembro ng Parlamento ng Victoria.

Sa paglipas ng maraming taon, ang himagsikan ng Eureka ay naging simbolo ng protesta at ng ating paniniwala sa isang pantay na pagkakataon.

Ang pagsugod sa pagmimina ng ginto ay binago ang Australia sa maraming paraan. Noong mga taon ng pagsugod sa pagmimina ng ginto, ang kabuuang populasyon ng Australia ay lumago mula 43,000 noong 1851 hanggang 1.7 milyun noong 1870. Ang mga unang daang riles at mga telegrafo ay itinayo noong 1850s upang mapag-ugnay ang lumalagong populasyon.

Malaking mga deposito ng ginto ang natagpuan sa lahat ng mga kolonya maliban sa Timog Australia. Ang ekonomiya ay umuunlad at nalampasan ng ginto ang lana bilang pinakamahalagang produktong iniluluwas. Sa palibot ng 1890s, posibleng ang Australia ang may pinakamataas na antas ng pamumuhay sa buong mundo.

Ang mga iskwater at magsasaka

Mula sa murang mga araw ng mga kolonya, ang mga taong nakilala sa bansag na 'iskwater' ay nakapag-angkin ng malalawak na mga lupain upang pagsakahan. Datapwa't kahit malimit na hindi sila pinagbabayad sa mga lupang ito, ipinalagay ng mga iskwater na pag-aari nila ito. Pagkatapos ng mga unang pagsugod sa pagmimina ng ginto, nagkaroon ng malaking pakikipaglaban upang makuhang muli ang mga lupa sa mga iskwater.

Noong mga 1860s, gusto ng Pamahalaan na ibenta ang lupa ng mga iskwater sa mga manggagawa at kanilang pamilya upang kanilang sakahin. Pinilit ng mga iskwater na angkinin ang mas maraming lupa hangga't possible para sa kanilang sarili sa karapatang mayroong silang mga upa, lalo na yung mga nasa magagandang posisyon.

Ang mga bagong magsasaka ay humarap sa isang napakahirap na kapaligiran at hangga't hindi pa nagawa ang daang bakal, sila ay nanatiling malayo sa mga pamilihan. Ang oportunidad na kumita ng mataas na sahod sa mga siyudad ay laging ginagawang hindi kaakit-akit ang buhay sa pagsasaka at pagtatrabaho para lang sa kakaunting kapalit.

Subalit ang mga magsasaka ay nakaraos nang mas mabuti sa Timog Australia, at ang tradisyong Australiano na mag-ibento ng makinarya para gawing masagaan ang pagsasaka ay nagsimula rito. Ang ararong tinatawag na 'stump-jump plough' (1870s), halimbawa, ay pinapadali ang paghahawan ng mga mababakong lupa para matamnan.

Migrasyon noong 1800s


Noong kaagahan ng panahong 1800s, ang mga paninirahang Ingles, mga taga Eskosya, Wales at Irlandes ang mga pangunahing grupo sa mga kolonya. Ang kanilang pamana ang naging saligan ng bagong nasyon. Ang mga libangan ng Australia, mga gawaing pangkultura at mga kaugaliang pangrelihiyon ay katulad din ng mga naroroon sa Britanya. Subalit, mayroon ding mga maliliit na grupo ng migrante mula sa Europa at Asya. Ang mga nagsirating mula sa Europa noong 1800s ay binuo ng mga Italyano, mga taga Polonya, mga Griyego, mga taga Malta at mga Ruso ganoon din ng mga Pranses na nagtrabaho sa industriya ng paggawa ng alak. Ang mga ito ay halos mga batang lalaki na naghahanap ng trabaho at kapalaran, o mga marino na lumayas sa kanilang mga barko.

Ang mga migranteng Intsik ay nagsimulang dumating sa Australia pagkatapos ng taong 1842. Ang kanilang bilang ay lumago pagkatapos ng pagkadiskubre ng ginto at nagkaroon ng mga igtingang panlahi sa mga minahan ng ginto. Minsan ito ang naging sanhi ng mga kaguluhan laban sa mga Intsik, tulad ng mga nangyari sa Bendigo noong 1854. Ang igtingang panlahi ay naging dahilan ng mga paghihiipit sa imigrasyon sa Victoria noong 1855 at New South Wales noong 1861.

Pagkatapos ng pagsugod sa pagmina ng ginto noong mga 1850s, karamihan sa mga Intsik ay nag-uwian sa kanilang bayan. Ilan sa kanila na namalaging naninirahan dito ay ang mga hardinerong Intsik na nagtitinda ng mga kailangang-kailangang bagong pitas na prutas at gulay sa mga lugar na salat sa tubig.

Mula sa 1860s, ang mga taong mula sa Iran, Ehipto at Turkiya ay dumating para magpatakbo ng tren ng mga kamel sa 'outback' ng Australia. Kasama ang mga kamelerong Bumbay galing sa Indiya, sila ay pangkaraniwang tinawag na 'Afghans' dahil sa kanilang parehong mga damit at paniniwala sa relihiyong Islam. Ang mga kamelerong ito ay itinuring na mga "tagapanguna sa looban ng lupain". Mga 4,000 mga Bumbay at 6,000 mga taga isla sa Pasipiko ay nagtrabaho rin sa mga industriya ng asukal at saging sa Queensland.

Mula sa 1800s, ang mga manggagawang galing sa Lebanon ay dumating sa Australia. Marami sa mga taga Lebanon ay kabilang sa mga nagtrabaho sa industriya ng tela at pananamit. Ang kanilang mga pamilya ang nagmamay-ari ng halos lahat ng mga pagawaan ng mga kurtina sa Australia, isang tradisyon na patuloy pa rin ngayon.



Mga kamelerong 'Afghan' sa 'outback' ng Australia

Mga nakareserbang lupain ng katutubo

Pagkatapos ng maagang mga labanan para sa lupa sa pagitan ng mga katutubo at mga paninirahan, ang mga katutubo ay namuhay sa mga tabi ng lipunan. Ang iba ay nagtrabaho sa mga istasyon ng kawan ng tupa at baka sa 'outback' para sa mababang sahod. Ang mga pamahalaan ng kolonya ay nagtatag ng mga reserbang lupa kung saan ang mga katutubo ay maaring manirahan, subalit sa mga lugar na ito ay di pinapayagan ang mga katutubong mamuhay ng kanilang tradisyunal na pamumuhay.

Noong huling panahon ng 1800s, tinanggal ng pamahalaan ng mga kolonya ang mga karapatan ng mga katutubo. Sinabihan nila ang mga katutubo kung saan sila maninirahan. Sinabihan sila kung sino ang maaari nilang maging asawa at kinuha ang mga katutubong anak sa kanilang mga magulang. Ang mga batang ito ay dinala sa mga pamilyang puti o sa mga ampunang pinapatakbo ng pamahalaan. Ang mga kaugaliang ito ay hindi na umiiral sa kasalukuyan subalit ito ay nananatiling sanhi ng malalim na pagdaramdam ng mga katutubo at ng maraming mga Australiano.

Ang karapatang bumoto

Ang 'suffragettes' ang salitang ginamit sa buong paligid ng mundo sa pagtawag sa mga babaing nagkampanya para sa karapatang bumoto sa mga eleksiyon. Noong 1880s at 1890s, bawat kolonya ay may isa man lang na lipunan para sa pagboto. Ang mga 'suffragettes' ay nangolekta ng libo-libong mga pirma sa mga petisyon na iniharap sa kanilang parlamentong kolonyal.

Ang mga babae sa Timog Australia ay nanalong makamtan ang karapatang bumoto at kumandidato sa eleksiyon noong 1895. Ang mga babae sa Kanlurang Australia ay nagkaroon ng karapatang bumoto noong 1899.

Noong 1902, ang Australia ang unang bansa na nagbigay sa mga babae ng karapatang bumoto at ng karapatang maiboto sa Parlamento ng Australia. Ang mga katutubong babae (at lalaki) ay walang karapatang bumoto hanggang 1962.

Si Edith Cowan ang naging unang babaeng parlamentaryan nang siya ay mahalal sa Parlamento ng Kanlurang Australia noong 1923. Hindi pa nangyari hangga't noong 1943 na ang isang babae, si Enid Lyons, ay nahalal sa Parlamento ng Australia.

Catherine Spence (1825 – 1910)

Si Catherine Spence ay isang manunulat, predikador, peminista at suffragette.

Si Catherine Spence ay nagmigrate sa Australia mula sa Scotland. Sumulat siya ng mga premyadong nobela tungkol sa buhay sa Australia, ganoon din ng mga librong ginamit sa pagtuturo sa iskwela.



Tumulong siya sa pagtatayo ng organisasyon upang tulungan ang mga batang walang matitirahan at sinuportahan ang mga bagong kindergarten at iskwelang pangsekundaryo ng pamahalaan para sa mga babae.

Siya ang unang babae na kumandidato para sa parlamento at tumanggap ng maraming mga boto, subalit hindi siya nanalo ng pwesto sa eleksiyon. Noong 1891, siya ay naging Bise-Presidente ng Women's Suffrage League of South Australia.

Si Catherine Spence ay isang simbolo ng kung ano maggagawa ng isang babae, kahit na sa panahon ng panghihigpit.

Pederasyon

Ang mga kolonya ay nagsi-unlad ng hiwahiwalay, pero ng huling panahon ng ika-19 na siglo ang isang tamang pag-iisip ng pambansang pagkakabilang ay nagsimulang mabuo. Ang damdaming ito ay ipinahayag sa mga salitang 'Advance Australia Fair'. Ang awit na ito ay sinulat ni Peter Dodds McCormick at unang inawit sa Sydney noong 1878. Ito ngayon ang ating pambansang awit.

Patungo sa katapusan ng ika-19 na siglo, dalawang pagtatangka ang ginawa upang pag-isahin ang mga kolonya. Noong 1889, si Sir Henry Parkes ay tumawag na buuin ang isang malakas at bagong nasyon. Ang Komperensiya ng Pederasyon ng Australia ay idinaos noong 1890 upang pag-usapan ang ideya ng pederasyon ng Australia.

Pagkatapos ng ilang mga pagkaka-antala, ang kilusan sa pagbubuo ng pederasyon ay napabilis noong 1893. Ang mga botante ay pumili ng mga miyembro ng susunod na kumbensiyon para sa konstitusyon. Ang mga botante ay bumoto ng dalawang beses na reperendum para tanggapin ang Konstitusyon. Sa katotohanang ang paraan ng pagtatatag ng pederasyon ay batay sa mga kagustuhan ng mga tao ay nagpapahiwatig kung paano kaprogresibo ang mga Australiano.



Araw ng Pederasyon sa Brisbane, 1901

Ang Pamahalaan ng Britanya ay sumang-ayon na maaaring pamahalaan ng Australia ang sarili nito at ang unang Pamahalaan ng Australia ay nanumpa sa harapan ng napakaraming tao sa Sydney's Centennial Park noong ika-1 ng Enero 1901. Ang Punong Ministro ng bagong nasyon ay si Edmund Barton, na siyang namuno sa kilusan para sa pagtatatag ng pederasyon sa New South Wales.

Ang Australia ngayon ay isang nasyong itinatag sa loob ng Imperyo ng Britanya. Hindi nito nakuha ang buong mga kapangyarihan sa pagtatanggol at suliraning panlabas hanggang 1931. Bagamat ang pambansang damdamin ay nabuo, ang diwa ng pagiging nasa ilalim ng Britanya ay malakas pa rin.



Sir Edmund Barton

Ang pagsilang ng mga partidong pampulitika

Sa mga 1880s, ang mga manggagawa ng Australia ay nakapagtatag ng malakas na unyon ng mga manggagawa. Sa panahon ng kahirapan dahil sa panghihina ng ekonomiya at tagtuyot, ang mga unyong ito ay gumawa ng mga pag-aalsa upang protektahan ang kanilang mga sahod at mga kondisyon. Ang mga manggagawa ay bumaling pagkatapos sa pulitika. Noong 1891, itinayo nila ang Partido ng Manggagawa.

Ang unang trabaho ng Partido ng Manggagawa ay ang makuha muli at mapabuti ang mga sahod at kondisyon ng mga manggagawa. Ang mga tao sa gitnang antas ng lipunan ay namuhay ng mas komportable sa mga manggagawa datapwa't nauunawaan nila ang sitwasyon ng mga manggagawa. Itinayo ang mga opisyal na kapulungan para magtakda ng mga sahod at maiwasan ang mga pag-aalsa. Noong 1907, ang Hukuman ng Komonwelt para sa Pagkakasundo at Pagpapasiya ay nagtakda ng pinakamamabang sahod, na sa antas nito ang isang manggagawa, ang kaniyang asawa at tatlong anak, ay maaaring mamuhay nang matipid at komportable.

Habang lumalago ang Partido ng Manggagawa, ang lahat ng ibang partido ay nagsama-sama sa isang Partido Liberal noong 1910. Ang partidong ito ay nagkaroon ng maraming pangalan. Sa pagitan ng mga giyera, ito ay naging Partido Nasyonalista at pagkatapos ay naging Partido ng Nagkakaisang Australia. Noong 1944, ang Partido Liberal sa pagkakilala natin ngayon ay itinatag. Ito ay sinundan ng isang komperensiyang tinawag ni Robert Menzies na kasama ang maraming ibang partido na di sumusuporta sa Partido ng Manggagawa. Si Sir Robert Menzies ay naging pinakamahabang nagsilbing Punong Ministro ng Australia.

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, ang Partido ng Bayan ay binuo upang isulong ang mga kapakanan ng mga magsasaka. Tinatawag ngayong Nasyonal, ito ay karaniwang pumapanig at sumasali sa koalisyong ng Partido Liberal.

Ang Batas sa Paghihigpit ng Imigrasyon 1901

Ang patakarang 'Putting Australia' (o 'White Australia') ay naging batas nang ang *Immigration Restrictions Act 1901* ay pumasa noong Disyembre 1901. Ito ay pinaghigpitan ang mga migrante sa pagtatrabaho sa Australia at hinigpitan din nito ang imigrasyon ng mga taong hindi puti.

Sinuman na hindi nangmula sa Europa ay kailangang kumuha ng isang iksameng dinidikta na binubuo ng 50 salita sa wikang Europeyo. Ang mga miyembro ng Kamara de Komersiyong ng Intsik, ang abugadong si William Ah Ket at mga pangunahing lider na Intsik sa negsoyo ay gumawa ng mga protesta sa publiko, subalit ang mga ito ay hindi nagtagumpay sa pagbabago ng batas.

Ang mga Intsik, mga Bumbay, mga taong galing sa isla sa Pasipiko at mga taong nagmula sa Gitnang Silangan ay napalitan ng mga migranteng galing sa katimugang Europa sa bagong pederasyon ng Australia, pero ang kanilang mga kontribusyong pangkultura ay bahagi na ng panglipunang pagkakakilanlan ng Australia.

Unang Digmaang Pandaigdig, 1914 - 1918

Maliban sa mga maliliit na labanan sa pagitan ng mga maninirahan at mga katutubo, ang Australia ay naging napakapayapang bansa. Wala itong mga giyerang sibil or rebolusyon. Ang mga naunang nanirahan ay napakatapat sa Imperyo ng Britanya.

Gayun pa man, bilang isang himpilang taga-Europa na malapit sa Asya, naramdaman ng Australia na ito ay maaaring masalakay, lalo na pagkatapos na ang bansang Hapon ay naging malaking puwersa. Nagtiwala ang Australia sa Imperyo ng Britanya at sa lakas nitong pandagat na ipagtatanggol ito. Lumaban ang Australia sa parehong Digmaang Pandaigdig para mapanitiling malakas ang Imperyo ng Britanya at maprotektahan tayo.

Ang mga sundalong Australiano ay pumasok sa Unang Digmaang Pandaigdig noong 1915 sa isang pagsalakay sa kakampi ng Alemanya, ang Turkiya. Ang mga Australiano at mga taga New Zealand ay binigyan ng kanilang sariling parte sa Peninsula ng Gallipoli upang salakayin.

Dumaong sila sa dalampasigan sa maling lugar at kinailangan nilang umakyat sa mga matarik na dalisdis habang sila ay binabari ng mga tropa ng sundalong Turko. Sa gaano't paanuman, nakaakyat sila sa tuktok ng mga dalisdis at naghukay sa lupa, bagaman maraming mga batang lalaki ang namatay. Inuwi ng mga Australiano ang malaking karangalan sa diwa ng Anzac.



Peninsula ng Gallipoli noong Unang Digmaang Pandaigdig

Ang petsa ng paglapag sa Gallipoli (25 ng Abril) ay isang pambansang pista opisyal. Tinawag itong Araw ng Anzac para sa Pangkat ng mga Hukbo ng Australia at New Zealand.

Pagkatapos sa Gallipoli, ang mga hukbong Australiano ay lumaban sa prente ng kanluran sa Pransiya. Dito sila natagurian sa pangalang 'tagahukay' ('diggers') dahil sa maraming oras na kanilang inuubos sa paghuhukay at pag-aayos ng mga trintsera. Sa pamumuno ng kanilang kumander, si Heneral John Monash, ang mga tagahukay na Australiano ay nagwagi ng mga malaking tagumpay sa mga huling giyera laban sa Alemanya.

Ang mga sundalong lalaki at babae ng Australia ay nagsilbi rin sa Gitnang Silangan, sa paglahok sa pagtatanggol ng Suez Canal at sa pagsakop ng mga kaalyadong hukbo sa Peninsula ng Sinai.

Si Simpson at ang kaniyang asno – John Simpson Kirkpatrick (1892 – 1915)

Si John Simpson Kirkpatrick ay isang sundalo at isang sikat na Australiano.

Bilang Praybet John Simpson, siya ay nagsilbi sa Gallipoli sa ambulansiya at pangkat pangmediko na isang tagabuhat ng istretser. Napakahirap ang magbuhat ng istretser sa mga burol at lambak. Labag sa mga utos ng hukbo, gumamit siya ng isang asno, na tinaguriang Duffy, sa pagtulong sa paghahatid ng mga sugatang sundalo sa kanilang kaligtasan.



Araw at gabi, oras kada oras, kanilang isinasapanganib ang buhay sa paghahatid ng mga sugatang sundalo sa pagitan ng labanan at ng kampo sa dalampasigan.

Si Private John Simpson ay dumating sa Gallipoli noong ika-25 ng Abril 1915. Siya ay napatay mga apat na lingo lamang ng masinggan ng kaaway. Ang mga sundalo sa kampo sa dalampasigan ay malungkot na tinanaw si Duffy, na may dala pa ring sugatang sundalo, habang ito ay papalapit sa dalampasigan na wala ang kaniyang amo sa kaniyang tabi.

Ang alamat ng Anzac

Ang tradisyon ng Anzac ay nabuo noong ika-25 ng Abril 1915 nang ang mga pangkat ng hukbo ng Australia at New Zealand (ANZAC) ay lumapag sa Peninsula ng Gallipoli sa Turkiya.

Ito ay naging palatandaan na simula ng isang kampanyang tumagal ng walong buwan at nagwakas sa mga 25,000 mga sundalong Australianong nasugatan, kabilang ang 8,700 na napatay o namatay dahil sa kanilang sugat o sa sakit. Ang katapangan at diwa ng mga nagsilbi sa Peninsula ng Gallipoli ay hinugis ang isang alamat, at 'Anzac' ay naging bahagi ng wikang Australiano at ng New Zealand.

Noong 1916, ang unang anibersaryo ng paglapag ay pinagdiwang sa Australia, New Zealand at Inglatera, ganoon din ng mga tropa ng sundalo sa Ehipto. Ng taong iyon, ika-25 ng Abril ay tinawag na Araw ng Anzac.

Sa mga 1920s, ang mga seremonya ng Araw ng Anzac ay idinaraos sa buong Australia at dineklara ng mga estado ang Araw ng Anzac bilang pista opisyal. Mga mahalagang memoryal ng digmaan ang itinayo sa mga kabiserang siyudad, at mga monumento sa siyudad, at ang mga bayan sa buong nasyon ay inaalaala ang mga kabataang lalaki at babae na namatay sa digmaang ito at sa mga ibang giyera pagkatapos.

Ang Araw ng Anzac ay isa ngayong araw upang parangalan ang lahat ng mga nagsilbi sa lahat ng mga giyera, labanan at operasyong pagpapanatili ng kapayapaan. Hindi ito isang tunay na selebrasyong pangmilitar. Hindi nito pinararangalan ang mga tagumpay – ang kampanya sa Gallipoli ay isang kabiguan. Pinararangalan nito ang mga kalidad ng mga pangkaraniwang mga sundalong lalaki at babae; ang kanilang pagiging magkaibigan, pagsisikap at katatawanan sa gitna ng kahirapan. Ngayon, ang Araw ng Anzac ay ipinagdiriwang sa Australia at sa buong mundo. Ang mga nakabalik na sundalong lalaki at babaeng Australiano mula sa dalawang Digmaang Pandaigdig at iba pang labanan, ganoon din ang mga tagapanatili ng kapayapaan at mga beterano sa mga kaalyadong bansa, lahat sila ay nagmamartsang may karangalan sa mga parada ng Araw ng Anzac.



Araw ng Anzac, Serbisyo sa madaling araw sa Gallipoli

Ang Malaking depresyon, 1929 - 1932

Ang Malaking Depresyon ay isang panahon ng matinding paghihirap para sa mga tao ng Australia. Nagsimula ito kasabay ng pagbagsak ng Pamilihan ng Saping -Puhunan ng New York (New York Stock Exchange), pero mayroong mga ibang sanhi na nagtuloy sa Depresyon. Kabilang dito ang pagbaba ng presyo at bilihan ng mga niluluwas na produkto, ang pagbaba sa mga pautang sa ibayong dagat at paggastos ng pamahalaan, at pagbaba sa konstruksiyon. Sa kalagitnaan ng 1932, halos 32 porsiyento ng mga Australiano ay walang trabaho.

Ang epekto ng Depresyon sa lipunang Australiano ay pagkakawasak. Dahil sa kawalan ng trabaho at matatag na suweldo, maraming mga tao ang nawalan ng mga tahanan. Napilitan silang mamuhay sa mga pansamantanlang panuluyan na walang pampainit o sanitasyon. Ang ilang mga ama ng tahanan ay iniwan ang kanilang pamilya o bumaling sa alkohol. Ang mga anak ng mga pamilyang nasa nagtatrabahong posisyon ay nagsimulang umayaw ng iskwela sa edad na 13 o 14 anyos. Maraming mga babae ang nagtrabaho sa mga simpleng trabaho, ganoon din sa pangangalaga ng kanilang mga anak at tahanan nang nag-iisa.

Sa panahong yaon patungong Depresyon, ang Pamahalaan ng Australia ay walang programang sentral para sa kawalan ng panghanapbuhay. Maliban sa mga kawanggawa at mga ilang pribadong organisasyon, ang mga mahihirap na tao ay napilitang umasa sa mga proyektong panghanapbuhay at mga proyekto ng gawaing pangpubliko.

Ang ekonomiya ay nagsimulang umigi noong 1932 pero sa maraming mga kaso, ang pagkakawasak ng mga pamilya ay hindi na maaring malutas. Sa panahon ng Depresyon, ang mahalagang bahaging ginagampanan ng mga kawanggawang Australiano at mga boluntaryo ay binigyang diin.



Isang lutuan ng sabaw sa panahon ng Malaking Depresyon

Sir Charles Kingsford Smith (1897 – 1935)

Si Sir Charles Kingsford Smith ay isang matapang na piloto, tagapanguna sa abyasyon at isang bayaning Australiano.

Noong Unang Digmaang Pandaigdig, si Charles Kingsford Smith ay lumaban sa Gallipoli at nakilipad sa Pangkat ng mga Pilotong Royal ng Britanya (Royal Flying Corps).

Ang kaniyang pinakamalaking tagumpay ay ang pagsasagawa ng unang pagtawid sa Karagatang Pasipiko mula sa California papuntang Queensland noong 1928. Nang ang kaniyang eruplanong Southern Cross, ay lumapag sa Australia, 25,000 na mga nagmamahal na tao ang naroroon upang ipagbunyi ang kanilang bayani, si 'Smithy'. Siya ay ginawang kabalyero para sa kaniyang mga serbisyo sa abyasyon noong 1932.

Sa isang kalunos-lunos na pangyayari noong 1935, siya ay bumagsak na kasama ng kaniyang eroplano habang naglalakbay mula sa Inglatera patungong Australia at hindi na siya natagpuan.

Si Sir Charles Kingsford Smith ay tinaguriang pinakamagaling na abyador sa mundo at inaalaala siya dahil sa pagbibigay sa mga tao, sa gitna ng Depresyon, ng isang tunay na bayaning Australiano na maaaring tingalain.



Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 1939 - 1945

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga Australiano ay lumaban para sa mga kaalyadong bansa sa mga disyerto ng Hilagang Aprika at sa maraming pang ibang lugar. Sa Hilagang Aprika, sila ay lumaban sa isang mahabang pagsalakay ng mga Aleman at Italyano sa bayan ng Tobruk. Tinawag sila ng mga kaaway na mga 'Daga ng Tobruk' dahil sila ay nasukol at kailangang nilang kumain ng kahit anong pagkain na kanilang makita. Ang mga Australiano ay lumaban at nakaligtas sa mga ganitong mahirap na kondisyon at kaya ikinabit nila ang pangalang ito para sa kanila. Ang pagsalakay ay nagpatunay sa mga sundalong ito na taglay nila ang palabang diwa ng mga tagahukay noong Unang Digmaang Pandaigdig. Nauunawaan ng mga sundalo mismo na sila ay may dakilang tradisyon na nararapat pangalagaan.

Pagkatapos na simulan ng Hapon ang digmaan sa Pasipiko, ang mga sundalong lalaki at babae ng Australia ay nagsi-uwian. Datapwa't bago sila makabalik, ang Papua at New Guinea ay kailangang ipagtanggol. Ang malaking tungkuling ito ay ibinigay sa mga regular ng sundalo at sa mga bagong tinawag na mga kabataang sundalo na hindi sapat na nasanay. Sila ay lumaban sa kanilang kaaway sa kagubatan, sa tabi ng isang matarik at maputik na landas na tinawag na Kokoda Track. Pinigil ng mga tropa ng sundalong Australiano ang pagsulong ng mga Hapones at ang Kokoda Track ay sumali sa Anzac Cove at Gallipoli na isang lugar ng paglalakbay para sa maraming mga Australiano.



Isang sugatang sundalo sa Kokoda Track na tinutulungan ng isang tagapaghatid na Papuano

Nang nakuha ng mga Hapones ang malaking base militar ng Britanya sa Singapore noong 1942, 15,000 na mga tropa ng sundalong Australiano ay kabilang sa mga nahuli at dinala para magtrabaho sa Daang Bakal ng Thai-Burma. Dito sa panahon ng konstruksiyon ng Daang Bakal sa ilalim ng mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na libo-libong mga Australiano at Ingles na mga bilanggo ng giyera ang namatay.

Isa sa mga matalim na alaala ng digmaan para sa mga Australiano ay ang malupit na pagtrato ng mga Hapones sa mga sundalong ito. Bagaman ang mga bilanggo ng giyera na Australiano ay ginawa ang lahat ng kanilang makakaya sa pangangalaga sa bawat isa sa kanila, kung saan ang mga opisyal at mga sundalo ay nagtatrato sa isa't isa na magkapareho, marami pa ring mga Australiano ang namatay.

Araw ng Pag-aalaala

Ganoon din sa mga seremonya ng Araw ng Anzac, ang Araw ng Pag-aalaala ay isa ring araw na kung saan ang mga Australiano ay umaalaala sa mga nagsilbi at namatay noong digmaan. Sa ika-11:00 ng umaga, ika-11 ng Nobyembre (ang panglabing-isang buwan) sa bawat taon, ang mga Australiano ay tumitigil upang alalahanin ang sakripisyo ng mga lalaki at babaeng namatay o nakaranas ng paghihirap sa mga giyera at labanan, ganoon din sa lahat ng mga nakapagsilbi. Tayo ay nagsusuot ng isang pulang bulaklak ng poppy sa araw na ito.



Ang mga pulang bulaklak na poppy ay ginagamit na simbolo ng pag-aalaala simula pa noong Unang Digmaang Pandaigdig

Ang Hukbong Tanggulan ng Australia ay kailan lamang ay napasabak sa labanan sa Silangang Timor, sa Iraq, sa Sudan at sa Afghanistan at nakapagsilbi sa isang operasyon ng UN sa pagpapanatili ng kapayapaan sa maraming parte ng mundo, kabilang ang Aprika, ang Gitnang Silangan at ang rehiyong Asya at Pasipiko.

Sir Edward 'Weary' Dunlop (1907 – 1993)

Si Sir Edward 'Weary' Dunlop ay isang matapang at mapag-arugang doktor at isang bayaning Australiano ng digmaan.



Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, si Weary ay isang doktor sa hukbo. Siya at ang kaniyang mga kasama ay nahuli ng mga Hapones at dinala sa Burma para magtrabaho sa Thai-Burma Railway. Ito ay isang napakahaba at mahirap na trabaho.

Bilang kanilang kumander, si Weary ay nagsalita para sa kaniyang mga tao at bilang kanilang doktor, mahabang oras ang kaniyang ginamit sa paggamot sa kanila. Siya ay labis na pinahirapan sa kampo subali't ipinagpatuloy niya ang kaniyang pagsisilbi.

Ginawa siyang kabalyero noong 1969 para sa kaniyang kontribusyon sa medisina. Nang siya ay mamatay, 10,000 tao ang luminya sa mga kalsada ng Melbourne sa burol na pang-estado para sa bayaning kanilang tinaguriang ang 'Siruhano ng Daang Bakal'.

Migrasyon sa maagang 1900s

Sa loob ng panahon sa pagitan ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinanatili ang mga mahihigpit na kondisyon sa pagpasok sa Australia. Subalit, nagkaroon ng paglago sa migrasyon ng mga tao, lalo na ng mga lalaki, mula sa katimugang Europa. Dinala nila ang kanilang mga kahusayan, edukasyon at kanilang sariling kaugaliang pangkultura. Sila ay tumulong sa pagpapaunlad ng mga industriyang pangkabukiran sa Australia at sa pagpapatayo ng mga kalsada and daang bakal. Ang mga bihasang Italyanong kantero ay nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa konstruksiyon ng mga gusaling pampubliko at mga tahanan.

Sa katapusan ng 1930s, ang mga Hudyang tumakas galing sa Europa ay dumating. Sila ay tumakas sa pananakot ng mga Nazi sa Alemanya. Nanggaling sila sa Alemanya, Austriya, Sekoslobakya, Hungarya at Polanya. Marami sa kanila ang may mataas na pinag-aralan at mga matatalino na nag-alay ng kanilang kontribusyon sa buhay pangkultura ng Australia.

Labingpitong libong mga sundalong Italyano ang nahuli noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ikinulong na mga bilanggo ng giyera sa mga kampo sa Australia. Sila ay makatarungang tinrato.

Sila ay sandali lamang na namalagi sa mga kampo subalit nakaunawa sila ng tungkol sa lupa at sa mga tao sa Australia. Pagkatapos ng digmaan, sila ay bumalik sa Australia bilang mga migrante.



Isang migranteng taga-Europa na dumating sa Australia

Mga tumakas pagkatapos ng digmaan

Pagkatapos ng digmaan, ang Australia ay nagpasok ng mga migrante mula sa ibang bansa ng Europa upang itatag na muli ang kaniyang populasyon. Milyun-milyong mga katao ang tumakas sa Alemanya sa ilalim ng mga Nazi o hindi nakabalik sa kanilang mga lupang tinubuan na okupado ngayon ng Sobyet Rusya. May mga 170,000 na taong nawalan ng bansang babalikan ang tinanggap sa Australia upang magbagong buhay na muli.

Mayroon ding malaking kakulangan sa manggagawa sa Australia. Ang Pamahalaan ng Australia ay naniniwala na ang paglago ng populasyon ay mahalaga para sa hinaharap ng bansa. Ang mga malulusog na matandang migrante na wala pang 45 anyos ay maaaring bumiyahe sa Australia sa halagang 10 pounds at ang kanilang mga anak ay makapagbibiyaha nang walang bayad. Subalit ang mga nasyonalidad ay limitado pa rin sa mga taong galing ng Britanya at Europa.

Upang pasiglahing muli ang Australia, sinimulan ng Pamahalaan ng Australia ang isang matapang na paraan noong 1949 na pigilin ang daloy ng mga tubig sa Snowy River bago ito lumabas sa dagat sa silangang Victoria. Ang agos ng mga tubig na ito ay pababalikin sa loob ng lupain para sa irigasyon at gamitin sa paglikha ng elektrisidad. Ito ay napakalaking proyekto na ginawa at nakumpleto pagkatapos ng 25 taon. Pitumpung porsiyento ng mga manggagawa sa proyektong ito ay mga migrante.

Ang Planong Panghydro-electric ng Snowy Mountains

Ang Planong Snowy Mountains ay isang mahalagang simbolo ng pagkakakilanlan ng Australiano bilang isang nagsasarili, multikultural at maparaang bansa.

Ito ang pinakamalaking proyektong pang-inhinyeria sa Australia. Ito rin ang isa sa mga pinakamalaking plano ng hydro-electric sa mundo.


Ang plano ay nagsusuplay ng tubig na mahalaga sa mga industriyang pagsasaka ng looban ng lupain ng New South Wales at Victoria. Ang mga istasyon ng elektrisidad nito ay kaya ring maghatid ng umaabot sa 10 porsiyento ng lahat ng elektrisidad para sa New South Wales.

Dalawang porsiyento lamang ng Plano ng Snowy Mountains ang maaaring makita sa ibabaw ng lupa. Ito ay bumubuo ng 16 na malaking mga prinsa, pitong istasyon ng elektrisidad, isang istasyong pambomba ng tubig at 225 mga kilometro ng lungga, mga tuberias at mga paagusan ng tubig.

Ang paggawa sa paraan ay nagsimula noong 1949 at natapos noong 1974. Mahigit sa 100,000 na katao mula sa higit na 30 bansa ang nagtrabaho sa proyekto. Pitumpong porsiyento ng mga manggagawa ay mga migrante. Pagkatapos na ang proyekto ay makumpleto, halos lahat ng mga manggagawang taga-Europa ay namalagi upang manirahan sa Australia, at sila ay nagbigay ng malaking kontribusyon sa multikultural na lipunan ng Australia.

Ang Plano ng Snowy Mountains ay matatagpuan sa Pambansang Parke ng Kosciuszko sa New South Wales. Ang mga epekto ng proyekto sa kapaligiran ay pinagmamatyangang mabuti. Ang plano ay nangangahulugan na sa ibang mga lugar, ang Snowy River ay magdadala na lamang ng 1 porsiyento ng tubig kaysa dating dinadala nito.

Para sa kabutihan ng kapaligiran, ang mga pamahalaan ng Victoria at New South Wales ay napagkasunduan na panatilihin ang pagdaloy ng tubig sa 28 porsiyento.



Mga manggagawa sa Plano ng Snowy Mountains

Pagtrato sa mga katutubo

Noong mga 1940s at 1950s ang patakaran para sa mga katutubo ng Pamahalaan ng Australia ay binago na maging isang asimilasyon. Ito ay nangahulugan na ang mga katutubo ay mamuhay ng tulad ng mga di katutubong populasyon. Hindi ito umobra dahil ayaw ng mga katutubo na mawala ang kanilang kulturang tradisyunal.

Noong mga 1960s ang patakaran ay binago at naging isang integrasyon. Halos lahat ng mga lalaki sa Australia ay nagkaroon ng karapatang bumoto noong 1850s, subalit ang karapatang bumoto sa Komonwelt ay hindi ibinigay sa lahat ng katutubong Australiano hanggang 1962. Sa patakaran ng integrasyon, ang mga katutubo ay binigyan ng karapatang sibil pero sila ay inaasahan pa rin na umangkop sa di katutubong kulturang Australiano.

Nagkaroon ng karagdagang pagbabago noong 1967, kung saan mahigit sa 90 porsiyento ng mga Australiano ay bumoto na pumayag na pahintulutan ang mga katutubo na ibilang sa sensus. Ang reperendum na ito ay isang makasaysayang palatandaan. Ipinakita nito na ang malawak na mayoriya ng mga Australiano ay gustong isama ang mga katutubong bigyan sila ng parehong mga karapatang tulad ng bawat isa.

Ang pagbubukas na ito ng mga ugaling Australiano, at ang malakas ng protestang katutubo ng panahong yaon, ay humantong sa isang patakaran ng katutubong pagsasarili noong mga 1970s. Naunawaan ng Pamahalaan ng Australia na dapat kilalanin at sumang-ayon na ang mga katutubong Australiano ay nararapat na magkaroon ng pagpasiya sa sarili nilang pag-unlad sa pulitika, ekonomiya, at sa panlipunan at pangkulturang pagsulong.

Imigrasyon – Ang unti-unting pagbabago

Noong mga 1950s at 1960s, nagprotesta ang komunidad ng mga Asyano, mga simbahan at grupong panlipunan na wakasan ang patakarang 'Putting Australia'.

Noong 1958, inalis ng Pamahalaan ng Australia ang iksamen sa diktasyon at noong 1966, binuksan ng Australia ang kaniyang pinto sa napiling imigrasyon ng mga bihasang Asyano at ibang di-tagang Europa. Sa katapusan, ang mga Australiano kahit saan ay kinilala ang kahalagahan ng pagsama-sama ng lahat ng mga nasyon sa ating programa ng imigrasyon. Ang patakaran ng 'Putting Australia' ay nagwakas noong 1973, at ang bansa ay nasa daan patungo sa multikulturalismo.

Noong 1973, ang Pamahalaan ng Australia ay tinanggal ang lahat ng mga katangiang may kinalaman sa lahi para sa imigrasyon. Noong 1975, pagkatapos ng Giyera sa Vietnam, tinanggap ng Australia ang maraming bilang ng mga tumatakas at migranteng Asyano.

Ang mga taong ito ay galing halos lahat sa Vietnam ngunit ang mga migranteng mula sa Tsina at India ay nagsimula ring dumating sa malaking bilang.

Mula noong 1975, ang Australia ay tumanggap ng mga tumatakas sa mga bansang nasalanta ng giyera kabilang ang Bosnya at Hersegobina, at mula sa mga bansa sa Gitnang Silangan at Aprika. Sa ngayon, ang ating mga migrante ay galing sa lahat ng dako ng mundo.

Ang Australia ay naging isang nasyon ng lahat ng mga lupa; isa sa mga malaking tagumpay sa modernong mundo. Mula noong 1945, 6.5 na milyong katao ang dumating sa Australia. Mahigit sa sangkapat na bahagi ng mga Australiano ay ipinanganak sa ibayong dagat.

Ang mga migrante ay piniling pumunta sa Australia at makibahagi sa ating mga kaugalian.

Pagsasama-sama

Ang Australia sa kasalukuyan ay isang lipunang may pagkakaiba-ibang lahi, na kung saan ang karapatan ng bawat indibidwal na sundin ang kaniyang paniniwala at ang mga tradisyong pangkultura sa loob ng nasasakop ng batas, ay iginagalang at pinagtatanggol.

Ang Australia sa ngayon ay may aktibong patakaran ng pasasama-sama, na kung saan ang tao ng bawat isang lahi ay nararamdamang siya ay bahagi ng ating lipunan. Ang patakarang ito ay makikita sa lahat ng aspeto ng kulturang Australiano. Bahagi ito ng ating kurikulum sa iskwela mula sa maagang pagkabata hanggang unibersidad at ito ay sinusunod sa ating mga pinagtatrabahuwan at sa serbisyong pang-industriya.

Ang karapatan ng bawat indibidwal na tratuhing pantay-pantay at walang pagtatangi ay pinagtatanggol ng Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Australia (Australian Human Rights Commission) at ng mga ahensiya ng pamahalaan laban sa diskriminasyon sa bawat estado at teritoryo. Ang diskriminasyong batay sa lahi ay isinusumpa sa publiko at isang krimen sa ilalim ng batas.

Ang Australia ay naging isang multikultural na lipunan ng pagkakasundo at pagtanggap. Isa itong bansa na ang mga migrante, mga katutubo at ibang ipinanganak sa Australia ay maaaring maging malaya na sundin ang kanilang mga hangarin na may kapayapaan. Ito ay isang lugar kung saan ang mga nakaraang di pagkakaunawaan at mga hinanakitan ay maaaring iwan sa malayong pinagmulan.

Dr Victor Chang (1936 – 1991)

Si Dr. Victor Chang isa sa mga pinakamagaling na doktor sa puso sa Australia.

Si Victor Peter Chang Yam Him ay ipinanganak sa Tsina noong 1936 at lumuwag sa Australia noong siya ay 15 taong gulang.

Nagtrabaho siya sa St. Vincent's Hospital sa Sydney kung saan itinayo niya noong 1984 ang unang sentro sa Australia para sa mga pagta-transplant ng puso. Noong 1986, si Victor Chang ay ginawang Kompanyon ng Order ng Australia, ang pinakamataas na gantimpalang Australiano.

Si Victor ay nabahala sa kakulangan ng mga nagbibigay ng kanilang puso kaya't sinimulan niyang magdesenyo ng pusong artipisyal, na halos makumpleto nang siya ay kahambal-hambal na napatay noong 1991.

Isang bagong sentro ng pagsasaliksik ang itinayo sa kaniyang alaala. Siya ay inaalaala dahil sa kaniyang kahusayan, sa kaniyang pag-asa sa mabuting ibubunga at sa kaniyang kabaguhan.



Albert Namatjira (1902 – 1959)

Si Albert Namatjira ay isa sa mga mahusay na artista ng Australia na nagtayo ng isang paaralan sa pagpipinta na patuloy pa hanggang ngayon.

Bilang isang batang lalaking Arrernte, si Albert ay nagpakita ng isang likas na kahusayan sa pagpinta.

Siya ay may kakaunting pormal na pagsasanay subalit ang kaniyang mga pinintang kabayanan ng Australia sa kulay-pantubig ay kilalang-kilala at madaling naibebenta.

Siya at ang kaniyang asawa ang mga unang katutubo sa Australia na pinayagang maging mamamayan. Nangahulugan ito na maaari silang bumoto at magtayo ng bahay kahit saan nila gusto. Ang pagiging mamamayan ni Albert ay binigyang-diin ang katotohanan na ang ibang mga katutubo ay hindi nagkaroon ng ganitong mga karapatan.

Ang kaniyang buhay ay ipinahiwatig sa mga di-katutubong Australiano ang kawalan ng katarungan ng mga batas na nagtatangi at nagbigay ng kontribusyon sa mga pagbabago para sa mga katutubo.



Eddie Mabo (1936 – 1992)

Si Eddie Mabo ay isang aktibista at tagapagsalita sa mga katutubong karapatang panglupa.

Si Eddie Koiki Mabo ay ipinanganak sa Murray Island, sa isang tradisyunal ng lupa ng angkan ng mga Mabo. Mula sa murang edad, siya tinuruan kung ano mismong mga punungkahoy at bato ang nagsisilbing tanda ng mga hangganan ng lupa ng kaniyang pamilya.

Lumipas pa ang maraming taon nang malaman ni Eddie na ang kaniyang lupang tinubuan ay kinilalang lupa ng Korona sa ilalim ng batas na Australiano at hindi ito pag-aari ng kaniyang pamilya. Ibinaling niya ang kaniyang galit sa pag-aksiyon at nagharap siya ng isang pangsubok na kaso sa hukuman para sa kapakanan ng mga tao sa Murray Island.

Noong 1992, pagkatapos ng maraming taon, nanalo ang kaso ni Eddie sa Mataas na Hukuman. Ang desisyon sa kaso ni Mabo ay dineklara na kung ang mga katutubong tao ay makapagpapatunay na sila ay may makasaysayan at patuloy na tradisyonal na koneksiyon sa kanilang lupa, maaari nilang angkinin ang pagmamay-ari ng ganitong lupa kung ito'y hindi pa naaangkin. Dahil sa desisyong ito, nakita ang pagbabalik ng maraming sukat ng lupa sa kanilang mga dating nagmamay-ari.

Si Eddie Mabo ay inaalaala dahil sa kaniyang katapangan at sa pagkuhang muli ng mga karapatan ng panglupa para sa mga katutubong Australiano.



Mga katutubong tao – dalawang dekada ng pagbabago

Ang protestang katutubo para mga karapatang lupa ay naiharap sa atensiyon ng publiko noong mga 1960s sa Gurindji Strike sa mga istasyon ng kawan ng baka sa Wave Hill sa Hilagang Teritoryo. Ang mga manggagawa, sa pamumuno ni Vincent Lingiari, ay iniwan ang kanilang mga pinatatrabahuan. Ang kanilang protesta ay tungkol sa sahod at mga kondisyon ng paggawa, subalit ito ay naibaling sa isang demanda para sa mga karapatang panglupa. Ang kanilang mga aksiyon ang naging daan para kay Eddie Mabo at iba pa na lumaban para sa mga katutubong karapatang panglupa.

Sa ilalim ng Batas Para sa mga *Katutubong Karapatang Panglupa (Hilagang Teritoryo) 1976*, ang mga katutubong tao ay binigyan ng malalawak na sukat ng lupa sa 'outback' ng Australia. Noong maagang 1990s, ang desisyon ng Mataas ng Hukuman sa kaso ni Mabo at ang Batas Para sa *Katutubong Titulo 1993* ay kinilala na ang mga katutubong tao ay mayroong karapatang mag-angkin ng lupa batay sa kanilang sariling mga tradisyonal na batas at kaugalian. Mahigit sa 10 porsiyento ng malaking lupain ng Australia ay sakop ngayon ng mga pagpapasiya ng katutubong pag-aari. Dito, ang mga aspeto ng tradisyonal na lipunan ay nanatili. Ang katutubong kultura ay patuloy na umiiral at malawak na ikinararangal ng malakihang komunidad.

Noong Mayo 1997, ang ulat na tinawag na 'luuwi silang muli' ('Bringing them home') ay pinag-usapan sa Parlamento ng Australia. Ang ulat ay resulta ng isang pagsisiyasat na ginawa tungkol sa pagpapaalis ng malaking bilang ng katutubong bata at mga bata sa Torres Strait Islander sa kanilang mga magulang. Ang mga batang ito ay tinawag na 'Mga Ninakaw ng Henerasyon' ('Stolen Generations'). Dahil sa ulat na ito, libo-libong Australiano ang nagpakita ng kanilang suporta para sa mga katutubong kapwa nila Australiano sa pagmamartsa na magkakasama sa unang pambansang 'Araw ng Pagsisisi' ('Sorry Day') noong 1998.

Ang Patawad sa mga Ninakaw na Henerasyon, 2008

Noong ika-13 ng Pebrero 2008, ang Punong Ministro ng Australia ay gumawa ng isang pambansang paghingi ng tawad sa Mga Ninakaw na Henerasyon. Nagsalita siya sa kapakanan ng lahat ng mga Australiano. Sinabi niya ang pagsisisi sa mga nakaraang paraan ng pagtrato sa mga Katutubong Australiano. Ipinahayag niya ang pagsisisi lalo na sa pagkuha sa mga katutubong bata sa kanilang mga magulang.

Ang talumpati ay isinahimpapawid sa telebisyon at mga istasyon ng radyo. Libong mga Australiano ang nagtipun-tipon sa mga lugar na publiko at sa kanilang lugar ng trabaho upang pakinggan ang talumpati ng paghingi ng patawad. Inilahad na opisyal ng talumpati ang mga nakaraang hindi makatarungang ginawa at humingi na kapatawaran para sa mga ito. Ito ay mahalagang hakbang patungo sa paghilom ng mga katutubong tao at upang siguruhin na ang mga di makatarungang nagawa ay hindi na muling mangyayari. Ang talumpati ng patawad ay isang mahalagang hakbang sa pagsulong ng lahat ng mga Australiano.

Ngayon, ang mahalagang kontribusiyon ng mga katutubong tao sa pagkakilanlang Australiano ay tinanggap at ipinagdiriwang. Ang mga katutubo at mga taong mula sa Torres Strait Islander ay may mga pangunahing posisyon sa buong hukbo ng mga manggagawang Australiano, kabilang nito ang sistema ng hustisya, pulitika, ang sining at mga palaro. Ang programa ng MARVIN, isang katutubong kabaguhan sa animasyong digital, ay nanalo ng maraming gantimpala at ginagamit sa mga institusyong pang-edukasyon at pangnegosyo sa mahigit na dalawampung bansa sa paligid ng mundo.



Isinulat ang 'Patawad' ng tagasulat sa pawirin sa Sydney

Sa Pagtatapos

Ang mga pahinang ito ay nagbigay sa inyo ng isa lamang sulyap sa ating kwentong Australiano. Maaaring inyong nakita na ang bagong kaalamang ito ay nagbukas ng inyong pagkamulat sa inyong kapaligiran. Maaari ninyong simulang tingnan ang mga petsa sa mga lumang gusali at ilagay ito sa isang makasaysayang pananaw. Kapag kayo ay binigyan ng isang bulaklak na poppy upang isuot sa ika-11 ng Nobyembre, mauunawaan ninyo na ito ay para sa pag-alaala sa ating mga nasawing mga sundalong lalaki at babae. Kapag kayo ay nakatagpo ng mga Katutubong Australiano, magkakaroon kayo ng isang diwa mula sa mga matatandang kultura na pumapatnubay sa atin. Hinihimok namin kayo na palawakin ang inyong kaalaman sa paggamit ng mga mapagkukunang lokal at sa paglalakbay.

Maligayang bati sa inyong pagtanggap ng pagkamamamayang Australiano at kami ay nag-iimbata sa inyong lubusang paglahok sa ating mapayapang demokratikong bansa.

Talahuluganan ng seksiyong di- ini-iksamen

embahador

isang tao na kumakatawan o nagtataguyod ng bansa o isang gawain

kapulungan

isang grupo ng tao na piniling gumawa ng mga desisyon, halimbawa, kung papaano patakbuin ang isang kompanya

iskwelang-pangaserahan o dormitoryo

isang iskwelahan kung saan ang mga estudyante ay naninirahan dito at hindi kailangang magsi-uwi ng bahay sa loob ng buong term ng iskwela

lupang-kasukalan

ang kabayanan ng Australia na nasa kaniyang likas na kalagayan

istasyon ng kawan ng baka

Isang malaking bukid kung saan inaalagaan ang mga baka

karta

isang pormal na salaysay ng mga karapatan at responsibilidad

lipi o angkan

isang grupo ng tao na magka-ungay sa dugo o sa relasyon ng pag-aasawa, na naninirahan sa parehong teritoryo

parehong kinatatayuan

Isang interes na pinaghahatian o pinagbabahiginan

pinapagpalistang sundalo

isang sundalo na hindi piniling sumapi sa hukbong tanggulan pero kailangang sumapi sa panahon ng digmaan

Lupaing korona

lupang pag-aari ng pamahalaan

kurikulum

isang kurso ng pag-aaral

dahop

walang pera or paraang kumita ng pera

didgeridoo

isang instrumentong pangmusika ng mga Katutubong Australiano na gawa sa isang mahabang kahoy na may guwang ang loob

pantay na pagkakataon

isang makatwiran or pantay na pagkakataon sa lahat upang gumawa ng mabuti

patas na pakikibagay

mahusay na paglahok sa isang grupong pagsisikap, sumusunod sa mga patakaran para sa kapakanan ng lahat, mahusay na pagtutulungan ng pangkat

mga nasawing sundalong lalaki at babae

mga sundalong lalaki at babae na napatay sa digmaan o giyera

magpanday

magtayo o magbuo

Kabuuang Domestikong Produkto

ang halaga ng lahat ng mga bagay at serbisyong ginawa sa isang bansa sa isang taon

daluyong ng tag-init

isang napaka-init na panahon na tumatagal nang mahigit sa dalawang araw na magkakasunod

kataksilan sa bayan

isang malubhang krimen na gumagamit ng pagtatangkang ibagsak ang pamahalaan

masimbulong katutubong pinintang larawan

sining na kakaiba at kumakatawan sa mga katutubong tao

kalakhang lupa

isang sukat ng lupa

mahalagang kaganapan

isang mahalagang kaganapan sa kasaysayan

katutubong titulo

ang mga tradisyonal na karapatan na hawak ng mga katutubong tao sa lupa at tubig, na pinagpasiyahan sa sistemang pambatas ng Australia

kasaysayang binibigkas

mga binigkas na mga alaala ng tao sa kung anong nangyari sa nakaraan

tagabunsod

isa sa mga unang mga dumayo, na may naisagawa sa mga unang mga araw ng isang kolonya

pampulitikang kinatawan

na kinatawan ng isang pulitiko sa parlamento

reserba

isang sukat ng lupa na inilaan ng pamahalaan para sa katutubong tao para kanilang paninirahan

sentensiya

ang haba ng panahon ng parusa para sa isang kriminal

magtakda ng sahod

magpasiya kung magkano ang nararapat na sahod ng mga empleyado sa kanilang trabaho

repormang panlipunan

paggawa ng mga pagpapahusay sa lipunan nang unti-unti, sa halip na magrebolusyon

burol na pang-estado

isang burol na binayaran ng pamahalaan upang parangalan ang isang mamamayang gumawa ng mahalagang kontribusyon sa bayan

tanggulan

isang kulangan para sa pagtatanggol na ginawa sa mga poste ng kahoy at mga panusok

mga lalaking tagapastol sa bakahan

mga lalaking nagtatrabaho upang alagaan ang mga baka

pag-aalsa

kung ang mga empleyado ay tumigil sa pagtatrabaho, halimbawa, upang magprotesta laban sa desisyon ng tagapag-empleyo o kapitalista

karapatang bumoto

ang karapatan na bumoto sa mga eleksiyong pampubliko

pinanumpa

ang matanggap sa isang posisyong publiko sa isang pormal na seremonya

Iniskedyul

ang opisyal na ipapakita para pag-usapan o pagpasiyahan sa parlamento, halimbawa, ang isang ulat ay iniskedyul

katayuang panlipunan

katayuang panlipunan o pinagmulan, trabaho, posisyon

Para sa karagdagang impormasyon

Pagkamamamayang Australiano

Para sa karagdagang impormasyon kung papaano magiging isang mamamayang Asutraliano, bumisita sa website na www.citizenship.gov.au.

Australia

Maaari kayong kumuha ng karagdagang impormasyon sa lokal na aklatan. Ang mga sumusunod na website ay makapagbibigay din ng dagdag na impormasyon:

- Australia in Brief www.dfat.gov.au/aib
- Culture and Recreation Portal www.cultureandrecreation.gov.au

Mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia

Maaari kayong kumuha ng impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia www.australia.gov.au.

Federal na MP o Senador

Ang inyong federal na MP o senador para sa inyong estado o Senador sa inyong teritoryo ay may isang hanay ng impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyo ng Pamahalaan ng Australia.

A listing of MPs and senators can be found at www.aph.gov.au.

Mga organisasyon ng Pamahalaan ng Australia

Maaari kayong kumuha ng dagdag na impormasyon sa mga binanggit na organisasyon ng Pamahalaan ng Australia sa pagkukunang librong ito mula sa mga sumusunod na website:

- Australian Defence Force www.defence.gov.au
- Australian Electoral Commission www.aec.gov.au
- Australian Federal Police www.afp.gov.au
- Australian Human Rights Commission www.humanrights.gov.au
- Australian Sports Commission www.ausport.gov.au
- Australian Taxation Office www.ato.gov.au
- Australian War Memorial www.awm.gov.au
- Reserve Bank of Australia www.rba.gov.au

Mga organisasyon di-pampamahalaan

Maaari kayong kumuha ng dagdag na impormasyon tungkol sa mga organisasyong di-pampamahalaan na binanggit dito sa pagkukunang libro sa mga sumusunod na website:

- | | |
|--|--|
| • Bradman Foundation Australia | www.bradman.com.au |
| • Hamlin Fistula International | www.fistulatrust.org |
| • Royal Flying Doctor Service of Australia | www.flyingdoctor.net |
| • School of the Air | www.schoolair-p.schools.nsw.edu.au |
| • Snowy Mountains Hydro-Electric Authority | www.snowyhydro.com.au |
| • The Fred Hollows Foundation | www.hollows.org.au |
| • UNESCO World Heritage Centre | whc.unesco.org |
| • United Nations | www.un.org |
| • Victor Chang Cardiac Research Institute | www.victorchang.edu.au |
| • Volunteering Australia | www.volunteeringaustralia.org |

Iba pa

Maghanap sa mga sumusunod na website ng mga karagdagang impormasyon sa mga sumusunod na paksa:

- | | |
|---|--|
| • Australian Constitution | www.aph.gov.au/senate/general/constitution |
| • Australian of the Year Awards | www.australianoftheyear.org.au |
| • 'Bringing them home' report | www.humanrights.gov.au/social_justice/bth_report/index.html |
| • Commonwealth parks and reserves | www.environment.gov.au/parks/index.html |
| • Famous Australians: The Australian Dictionary of Biography Online Edition | http://adbonline.anu.edu.au/adbonline.htm |
| • List of Bills currently before Parliament | www.aph.gov.au/bills/index.htm |
| • Parliament of Australia | www.aph.gov.au |
| • Parliamentary education services | www.peo.gov.au |
| • Public Holidays | www.australia.gov.au/topics/australian-facts-and-figures/public-holidays |
| • The Apology to the Stolen Generations | www.abc.net.au/news/events/apology/text.htm |

Mga pasasalamat

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng National Archives ng Australia:

- p42 – Mga bata na nakasakay sa tupa sa NSW – School of the Air, litratong kinuha noong 1962 (ref: A1200:L42511)
- p51 – Personalidad – Dick Smith, Tagapangulo ng Civil Aviation Authority, 1991 (ref: A6135:K23/5/91/1)
- p56 – Mapa ng Australia gawa ng Tasman 1644 (ref: A1200:L13381)
- p59 – Mga makasaysayang litrato ng madaliang pagpunta sa minahan ng ginto sa Australia noong 1851 (ref: A1200:L84868)
- p60 – Mga ‘Afghans’ at ang kanilang mga kamelyo na nagtatrabaho sa loob ng lupain ng Australia (ref: A6180:25/5/78/62)
- p67 – Personalidad- Sir Edward ‘Weary’ Dunlop sa kaniyang opisina, 1986 (ref: A6180:1/9/86/12)
- p67 – Imigrasyon – Pagdating ng mga Migrante sa Australia – mga tagaputol ng baston na nakasakay sa Flaminia sa Cairns, 1955 (ref: A12111:1/1955/4/97)

Ang mga sumusunod na litrato ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Pambansang Aklatan ng Australia:

- p18 – Mga demonstrador na nagtipon-tipon upang pakinggan ang mga talumpati sa Protestang Laban sa Digmaan na idinaos sa Garema Place, Civic, Canberra, 15 February, 2003, photograpo ni Greg Power (ref: nla.pic-vn3063592)
- p44 – Litrato ni Judith Wright, nilathala noong 1940s (ref: nla.pic-an29529596)
- p52 – Mga babaeng taga Indonesya na bumabati sa mga tauhan ng Hukbong Pangtanggulan ng Australia sa isang operasyong pangkawanggawa sa Aceh, Indonesya pagkatapos ng tsunami, 30 December 2004, litrato ni Dan Hunt (ref: nla.pic-vn3510861)
- p56 – Ang Unang Plota sa Sydney Cove, January 27, 1788, nilikha ni John Allcot 1888 – 1973 (ref: nla.pic-an7891482)
- p57 – Litrato ni Caroline Chisholm, inilathala ni Thomas Fairland 1804 – 1852 (ref: nla.pic-an9193363)
- p58 – Pagbabalik ni Burke at Wills sa Coopers Creek, ginawa ni Nicholas Chevalier 1828 – 1902 at inilathala noong 1868 (ref: nla.pic-an2265463)
- p58 – Pagbabalik ni Burke at Wills sa Coopers Creek, ginawa ni Nicholas Chevalier 1828 – 1902 at inilathala noong 1868 (ref: nla.pic-an2265463)
- p61 – Litrato ni Catherine Helen Spence, inilathala noong 1890s (ref: nla.pic-an14617296)
- p63 – Si John Simpson Kirkpatrick at ang kaniyang asno, Gallipoli, 1915 (ref: nla.pic-an24601465)
- p65 – Litrato ni Sir Charles Edward Kingsford Smith, inilathala sa pagitan ng 1919 at 1927 (ref: nla.pic-vn3302805)
- p70 – Litrato ni Albert Namatjira sa Hermannsburg Mission, Northern Territory, nilathala noong 1946 o 1947 ni Arthur Groom (ref: nla.pic-an23165034)

Ang mga litrato ng mga lugar ng Fourteen World Heritage ay ibinigay sa kagandahang-loob ng Department of the Environment, Water, Heritage and the Arts at ng mga sumusond na tao:

- p40 – Australian Fossil Mammal Sites litrato ni Colin Totterdell
- p40 – Blue Mountains National Park litrato ni by Mark Mohell
- p40 – Fraser Island litrato ni Shannon Muir
- p40 – Gondwana Rainforests of Australia litrato ni Paul Candlin
- p40 – Kakadu National Park litrato ni Sally Greenaway

p40 - Lord Howe Island litrato ni Melinda Brouwer
 p40 – Macquarie Island litrato ni Melinda Brouwer
 p41 – Purnululu National Park litrato ni Rod Hartvigsen
 p41 – Royal Exhibition Building and Carlton Gardens litrato ni Michelle McAulay
 p41 – Shark Bay litrato ni Kelly Mullen
 p41 – Tasmanian Wilderness litrato ni Nicola Bryden
 p41 – Uluru-Kata Tjuta National Park litrato ni Andrew Hutchinson
 p41 – Wet Tropics of Queensland litrato ni by Colin Totterdell
 p41 – Willandra Lakes Region litrato ni Mark Mohell

Ang mga sumusunod na larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng iStockphoto:

Pabalat sa harapan - Wattle, ©iStockphoto.com/Ressy (ref: 3322510)
 p14 – Australian black opal, ©iStockphoto.com/Alicat (ref: 8323912)
 p22 – Parliament House, ©iStockphoto.com/Tim Starkey (ref: 2256743)
 p22 – Malyetel at libro, ©iStockphoto.com/Dem10 (ref: 2397687)
 p27 – Mga barya sa talaguhitang pananalapi, ©iStockphoto.com/Robyn Mackenzie (ref: 2335549)
 p27 – Doktor na nagsusulat, ©iStockphoto.com/Carlos Arranz (ref: 6498434)
 p38 – Bondi Beach, ©iStockphoto.com/Edd Westmacott (ref: 3048786)
 p38 – Kings Canyon, ©iStockphoto.com/Francois Marclay (ref: 5733853)
 p51 – Isang nagpapahinga sa minahan ng bakal ©iStockphoto.com/Christian Uhrig (ref: 9819736)
 p54 – Didgeridoos, ©iStockphoto.com/Adam Booth (ref: 834207)
 p55 – Isang katutubong iskulturang bato - Isdang Saratoga, ©iStockphoto.com/Alpen Gluehen (ref: 2761924)

Ang lahat ng ibang mga larawan ay ibinigay sa kagandahang-loob ng mga sumusunod na organisasyon/mga tao:

p8 – Nabatikang pandikit o kola sa sahig na tinatakpan ng mga palmera ng Burrawang, Murrumbidgee National Park, NSW, litrato ni Dario Postai
 p20 – Isang taong bumoboto at naglalagay ng balota sa kahon litrato sa kagandahang-loob ng Victorian Electoral Commission
 p24 – Commonwealth of Australia Constitution Act 1900: Kopya ng Orihinal na Rekord na Pangpubliko, litrato sa kagandahang-loob ng Gifts Collection, Parliament House Art Collection, Department of Parliamentary Services, Canberra ACT
 p27 – Mga batang naka-upo sa isang hanay, litrato sa kagandahang-loob ng Getty Images, litrato ni Mel Yates
 p28 – Mataas na Hukuman litrato sa kagandahang-loob ng High Court of Australia
 p40 – Big Ben Heard Island litrato sa kagandahang-loob ng Australian Antarctic Division © Commonwealth of Australia, litrato ni L. E. Large (ref:1892A2)
 p40 – Great Barrier Reef litrato sa kagandahang-loob ng Great Barrier Reef Marine Park Authority
 p41 – Sydney Opera House litrato sa kagandahang-loob ng City of Sydney, litrato ni Patrick Bingham-Hall

Mga Pasasalamat

- p43 – Isang miyembro ng pambansang pangkat pambabae ng Australia sa soccer, (Matildas) litrato sa kagandahang-loob ng Australian Sports Commission
- p44 – Si Sir Donald Bradman litrato sa kagandahang-loob ng Bradman Museum of Cricket. Nakasuot ng Australian Test Cap si Sir Donald Bradman at kinuha noong 1931-32 Australian season
- p45 – Si Professor Fred Hollows litrato sa kagandahang-loob ng, Fred Hollows Foundation litrato ni Frank Violi
- p50 – Mga paputok sa Bisperas ng Bagong Taon sa Sydney Harbour litrato sa kagandahang-loob ng City of Sydney
- p52 – Si Dr Catherine Hamlin AC litrato sa kagandahang-loob ng Hamlin Fistula Relief and Aid Fund
- p61 – Si Lord Lamington na nagsasalita sa harap ng madla sa Araw ng Pederasyon, Brisbane, 1901, litrato sa kagandahang-loob ng State Library of Queensland, litrato ni H.W. Mobsby (ref: 47417)
- p65 – Isang litrato ng Lutuan ng Sabaw sa kagandahang-loob ng State Library of New South Wales (Mitchell Library). Ang mga batang estudyante ay nakapila para sa libreng sabaw at isang pirasong tinapay, Belmore North Public School, NSW, 2 August 1934, litrato ni Sam Hood (ref: H&A 4368)
- p66 – Kokoda Track litrato sa kagandahang-loob ng Australian War Memorial (ref: 014028)
- p66 – Mga pulang bulaklak ng poppy sa Memoryal ng Digmaan ng Australia, litrato ni Torie Brims
- p70 – Si Dr Victor Chang litrato sa kagandahang-loob ng Victor Chang Cardiac Research Institute
- p70 – Si Eddie Mabo litratong ginawang muli sa permiso ni Bernita at Gail Mabo